محمد - ﷺ - خاتم النبيين

# Si Muhammad

## *ang Pangwakas sa mga Propeta*

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

جمعية الدعوة بالزلفي

هاتف: ٠١٦ ٤٢٣٤٤٦٦ ـ فاكس: ٠١٦ ٤٢٣٤٤٧٧

14

# محمد ﷺ خاتم النبيين

# Muhammad ﷺ

# Ang Pangwakas sa mga Propeta

**Guidance Centre at Az-Zulfi**
**Zulfi - Saudi Arabia**
**Tel: 0164234466 – Fax: 0164234477**
**Youtube: zdurus & zdawah**

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي
Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

**محمد خاتم النبيين**
**أعده وترجمه إلى اللغة الفلبينية**
**جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي**
**الطبعة الخامسة: ٧ / ١٤٤٢ هـ**

ح **شعبة توعية الجاليات بالزلفي**

**فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية**

شعبة توعية الجاليات بالزلفي
محمد خاتم النبيين/ شعبة توعية الجاليات بالزلفي –
الزلفي ١٤٢٨

٧٢ ص؛ ١٢ × ١٧ سم
ردمك: ٦- ٩- ٩٧٨٧-٩٩٦٠
(النص باللغة الفلبينية)
١. السيرة النبوية أ. العنوان

ديوي ٢٣٩ ١٤٢٨/٢٣٦٩

**رقم الإيداع: ١٤٢٨/٢٣٦٩**
**ردمك: ٦- ٩- ٩٧٨٧-٩٩٦٠**

# Mga Nilalaman

Panimula ..........................................................................5
Ang Kalagayan ng Arabia Bago ang Islam......................7
Ang Anak ng Dalawang Handog .....................................8
Ang Kapanganakan ng Sugo (SAS)..............................10
Ang mga Elepante..........................................................10
Si Pagpapasuso .............................................................12
Ang Pagbiyak ng Dibdib...............................................14
Ang Pagyao ng Ina at Lolo ...........................................15
Si Khadíjah (RA) ..........................................................16
Ang Pagpapatayo ng Ka'bah ........................................18
Ang Alyansa sa mga Kabutihan....................................19
Ang Pagkapropeta.........................................................20
Ang Hayagang Pag-aanyaya sa Islam...........................23
Ang Pagyakap sa Islam ni Hamzah ..............................26
Ang Pagyakap sa Islam ni 'Umar ................................26
Ang Pagtatangka na Udyukan ang Propeta (SAS).........30
Ang Paglikas sa Ethiopia ..............................................33
Ang Boykoteo ...............................................................34
Ang Taon ng Kalungkutan............................................37
mga Istilo ng Pakikidigma sa Pag-aanyaya sa Islam ….39
Ang Sugo sa Nasa Ta'if ................................................42
Ang Pagkabiyak ng Buwan...........................................43
Al'Isrá' wa alMi'ráj .......................................................44
Ang Pag-anyaya sa mga Taga-Madínah .......................45
Ang Bagong Himpilan ng Pag-aanyaya sa Islam ..........47
Ang Pagdating sa Madínah ...........................................50
Ang Propeta sa Madínah...............................................51
Ang Labanan sa Badr....................................................52

Ang Pagtatangkang Pagpatay sa Propeta (SAS)............55
Ang Iba Pang Pangyayari ..............................................58
Ang Labanan sa Uhud....................................................59
Ang Pagsalakay sa Khandaq..........................................60
Ang Kasunduang Pangkapayapaan ng Hudaybíyah ......62
Ang Pagsakop sa Makkah ……………………………….66
Ang mga Delegasyon at Pakikipagsulatan sa mga Hari ……67
Ang Pagyao ng Propeta (SAS)......................................68
Ang Pag-ibig ng mga Kasamahan ng Propeta sa Kanya …..69
Ang Propeta (SAS) at ang Hindi mga Muslim ..............71
Ang mga Mananampalataya ay Magkakapatid Lamang .......73
Ang mga Pisikal na Katangian ng Propeta (SAS) .........75
Ilan sa mga Kaasalan ng Sugo (SAS) ............................76
Ilan sa mga Himala Niya ..............................................78
Mga Pangyayari at mga Aral Mula sa Buhay ng Sugo..........81
Ang Pagbibiro Niya (SAS) ...........................................81
Ang Pakikitungo Niya sa mga Bata...............................82
Ang Pakikitungo Niya sa Mag-anak Niya ......................84
Ang Awa Niya (SAS) ....................................................84
Ang Pagkamatiisin Niya (SAS) .....................................86
Ang Pagsamba Niya.......................................................89
Ang Kawalan Niya (SAS) ng Hilig sa Karangyaan.......91
Ang Pagkain Niya at ang Pananamit Niya (SAS).........92
Ang Katarungan Niya (SAS) .......................................94
Ang Sinabi Nila Tungkol Kay Muhammad (SAS).......96

بسم الله الرحمن الرحيم

# Panimula

Tunay na ang papuri ay ukol kay Allah;[1] nagpupuri tayo sa Kanya, nagpapatulong tayo sa Kanya, at humihingi tayo ng tawad sa Kanya. Nagpapakupkop tayo kay Allah laban sa mga kasamaan ng mga sarili natin at mga kasagwaan ng mga gawain natin. Ang sinumang pinatnubayan ni Allah ay walang makapagliligaw sa kanya at ang sinumang ipaliligaw Niya ay walang makapagpa-patnubay sa kanya. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah: tanging Siya, wala Siyang katambal; at sumasaksi ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

Maglalahad tayo sa maikling akda na ito ng mga dagliang pagtanaw at mga saglit na sulyap sa talambuhay ng marangal nating Propeta na si Muhammad (SAS)[2] at sa pagkatao niya. Mababatid natin sa pamamagitan nito ang mga pakikitungo niya at ang pamamaraan ng buhay niya. Mapag-aalaman natin ang panuntunan niya at ang pag-aanyaya niya sa Islam. Makikipa-muhay tayo sa ilan sa mga tanawin mula sa

---

[1] Allah: Ang pansariling pangalan ng Panginoong Diyos sa wikang Arabe. Ito ay isang pangngalang pantangi at hindi pangngalang pambalana, kaya ang mga pantukoy na gagamitin sa pagtukoy sa pangalang Allah ay SI, NI at KAY at **hindi** ANG, NG, at SA. Ito ang paninindigan ng pinakamataas na awtoridad sa wikang Filipino, ang Komisyon sa Wikang Filipino. Ito rin ang paninindigan ng *Ministry of Islamic Affairs* sa Saudi Arabia.

[2] (SAS): **S**allalláhu **'A**layhi wa **S**allam: Basbasan siya ni Allah at pangalagaan. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

buhay niya, suma-kanya ang pinakamainam na basbas at pinakadalisay na panga-ngalaga ni Allah. Kaya mamumuhay tayo kasama ni Muhammad (SAS) ang Sugo, ni Muhammad ang tao, ni Muhammad ang tagapagturo, ni Muhammad ang tapag-alaga, na ipinadala ni Allah bilang tapagpatnubay at tagapagbalita ng nakalulugod ayon sa kapahintulutan Niya tungo sa tuwid na landasin. Dumating siya upang lubusin ang mararangal na mga kaasalan. Nagpapatnubay siya tungo sa magagandang gawain. Pinalalabas niya ang mga tao mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag at mula sa pagsamba sa mga tao tungo sa pagsamba sa Panginoon ng mga tao. Ito ay upang matalos natin ang mga halimbawa, makuha natin ang mga aral, at madalisay natin ang mga sarili sa pamamagitan ng mani-ngning na talambuhay na iyon, ang talambuhay ng Pangwakas sa mga propeta at mga isinugo upang magawa natin iyon na isang ilaw na tatahak tayo dahil doon, na mapapatnubayan tayo sa pama-magitan niyon, at matutunton natin ang bakas niya. Kaya naman, o Allah, basbasan Mo, pangalagaan Mo, dagdagan Mo, at pagpalain Mo ang Lingkod Mo at ang Sugo Mo na si Muhammad. O Allah, gantihan Mo siya alang-alang sa amin ng pinakamabuti sa igi-nanti mo sa isang propeta alang-alang sa kalipunan nito. Tipunin Mo kami, o Allah, sa kapisanan niya, paratingin Mo kami sa batis niya, at painumin Mo kami mula sa marangal niyang kamay.

O Allah, gawin Mo ang gawaing ito na wagas na ukol sa Mukha Mo, itakda Mo para rito ang pagtanggap, at magpakina-bang Ka sa pamamagitan nito.

# محمد ﷺ خاتم النبيين

# Si Muhammad, ang Pangwakas sa mga Propeta

## Ang Kalagayan ng Arabia Bago ang Islam

Ang Paganismo noon ang siyang umiiral na relihiyon sa mga Arabe, at dahilan sa pagkakayakap nila sa Paganismo na suma-salungat sa matuwid na relihiyon ay binansagan ang panahon nila na *alJáhiliyah*: ang Panahon ng Kamangmangan. Kabilang sa pinakabantog sa mga diyus-diyusan na sinasamba nila noon bukod pa kay Allah ay sina Allát, Al‘uzzá, Manáh at Hubal. Subalit may-roong mga Arabe na yumakap sa Judaismo, o Kristiyanismo, o Mazdaismo.[3] May matatagpuan din sa kanila na mangilan-ngilang individuwal na nanatiling yumayakap sa Likas na Monoteismo, ang kapaniwalaan ni Abraham.

Tungkol naman sa buhay pang-ekonomiya, ang mga *Badawí* [4] ay umaasa nang lubusan sa yamang panghayupan na umaasa sa pagpapastol. Ang inaasahan naman ng buhay pang-ekonomiya ng mga *Hádir*[5] ay ang

[3] Mago ang isa pang tawag sa isang Mazdaista na kaanib ng Mazdaismo. Ang relihiyong Mazdaismo ay isang anyo ng Zoroasterianismo, ang relihiyong itinatag ni Zoroaster o Zarathustra na Persiano. Ang Tagapagsalin.

[4] Ang mga Arabeng disyerto na namumuhay sa disyerto at walang pirming bahay.

[5] Ang mga Arabeng nakatira sa isang nayon o bayan at may pirming bahay.

pagsasaka at ang pangangalakal. Bago dumating ang Islam, ang Makkah ang pinakamalaking lungsod pangkalakalan sa Arabia. Mayroon na ring mga pamayanang may kabihasnan sa maraming rehiyon gaya ng Madínah at Taif.

Tungkol naman sa kalagayang panlipunan, ang kawalang-katarungan ay laganap. Ang mga karapatan ay nilalabag. Inilili-bing nang buhay ang mga batang babae. Nilalapastangan ang mga karangalan. Nilalabag ng malakas ang karapatan ng mahina. Nag-aasawa sila nang walang takda. Ang pangangalunya ay laganap. Ang mga digmaan sa pagitan ng mga lipi ay nangyayari dahil sa napakababaw na mga dahilan, pati na sa mga anak ng iisang lipi.

Iyon ay isang dagliang sulyap sa reyalidad ng Arabia bago lumitaw ang Islam.

## Ang Anak ng Dalawang Handog

Ang mga Quraysh ay nagmamalaki noon kay ‘Abdulmuttalib, ang lolo ni Propeta Muhammad (SAS), sa pagkakaroon ng mga supling at yaman. Kaya namanata si ‘Abdulmuttalib na talagang kung pagkakalooban nga siya ni Allah ng sampung anak na lalaki ay iaalay niya ang isa sa kanila bilang handog sa mga diyos. Natu-pad sa kanya ang ninais niya; napagkalooban siya ng sampung anak na lalaki. Ang isa sa kanila ay si ‘Abdulláh, ang ama ng Propeta (SAS). Noong ninais na ni ‘Abdulmuttalib na tuparin ang panata ay gumawa siya ng isang palabunutan sa pagitan ng mga anak niya. Nabunot si ‘Abdulláh.

Ngunit noong ninais niya na ialay ito ay sinalungat siya ng mga tao upang mapigilan siya nang sa gayon ay hindi iyon maging isang kalakaran sa mga tao. Pag-katapos ay nagkaisa sila na magsagawa ng palabunutan sa pagitan ni ‘Abdulláh at ng sampung kamelyo na magiging pantubos sa kanya. Noong isinagawa ang palabunutan ay nabunot si ‘Abdulláh. Kaya dinoble nila ang bilang ng mga kamelyo ngunit nabunot na naman siya. Kaya nagsimula silang magdagdag sa bilang ng mga kamelyo. Ang nabubunot palagi ay si ‘Abdullah hanggang sa uma-bot ang bilang ng mga kamelyo sa isandaan, at saka nabunot ang mga kamelyo. Kinatay ni ‘Abdulmuttalib ang mga ito at natubos ang anak niya na si ‘Abdullah sa pamamagitan ng mga ito.

Talaga namang si ‘Abdulláh ang pinakamalapit sa puso ni ‘Abdulmuttalib sa mga anak nito, lalo na nang matapos ang pag-tubos. Nang nagbinata na si ‘Abdulláh ay pumili para sa kanya ang ama niya ng isang dalagang kabilang sa liping Zuhrah, na ang pangalan ay Áminah bint Wahb. Ipinakasal siya ng ama sa dalagang ito. Nagdalang-tao si Áminah. Matapos ang tatlong buwan ng pagdadalang-tao ni Aminah ay lumisan si ‘Abdulláh kasama ng isang karaban na pangkalakal patungong Shám.[6] Habang nasa daan pauwi ay dinapuan siya ng karamdaman kaya tumigil siya sa Madínah sa piling ng mga tiyuhin niya sa ina na kabilang sa liping anNajjár. Doon na siya binawian ng buhay at inilibing.

---

[6] Ang rehiyon na binubuo sa kasalukuyan ng Syria, Palestine, Lebanon, at Jordan.

## Ang Kapanganakan ng Sugo (SAS)

Nalubos ang mga buwan ng pagdadalang-tao. Isinilang siya nang araw ng Lunes, subalit walang natitiyak na pagtatakda sa araw at buwan ng kapanganakan niya. Sinasabi na siya ay ipina-nganak sa ika-9 ng buwan ng Rabí'ul'awwal. Sinasabi rin na sa ika-12. Sinasabi pa na sa buwan ng Ramadán. May nagsasabi ng iba pa roon. Iyon ay noong taong 571 C.E. Ito ang taon na tina-tawag na Taon ng Elepante.

## Ang mga Elepante

Si Abrahah na taga-Ethiopia ay ang kinatawan ng Hari ng Ethiopia sa Yemen. Nang nakita niya na ang mga Arabe ay nag-sasagawa ng pagdalaw sa Ka'bah sa Makkah, dumadakila roon, at nagsasadya roon mula sa mga malayong pook, ay nagpatayo siya ng isang malaking simbahan sa San'á' [sa Yemen] upang ibaling sa simbahang ito ang mga Arabe na dumadalaw roon. Narinig iyon ng isang lalaking kabilang sa liping Kinánah (isa sa mga liping Arabe) kaya pinasok niya ito isang gabi at pinahi-ran ang mga dingding nito ng dumi ng tao. Noong nalaman ni Abrahah iyon ay nagwala siya at nagalit. Naghanda siya ng isang dambuhalang hukbo na binubuo ng 60,000 lalaki, na may kasa-mang siyam na elepante. Humayo siya kasama nila patungong Makkah upang wasakin ang Ka'bah. Pumili siya para sa sarili niya ng isang elepante na pinakamalaki sa mga elepante.

Noong dumating siya malapit sa Makkah ay tinipon niya ang hukbo niya at humanda sa pagpasok sa Makkah

subalit ang mga elepante ay lumuhod at hindi sumulong. Tuwing ihinaharap nila ang mga ito sa dakong hindi nakaharap sa Ka‘bah ay tumatayo ang mga ito at mabilis na lumalakad. Kapag ibinabaling naman nila ang mga ito patungong Ka‘bah ay lumuluhod ang mga ito. Habang sila ay nasa gayong kalagayan, nagpadala si Allah sa kanila ng mga kawan ng mga pulu-pulutong na ibon na nagba-bato sa kanila ng mga maliit na batong idinarang sa apoy ng Impi-yerno. Ang bawat ibon ay nagdadala ng tatlong bato: isang bato sa tuka nito at tig-iisang bato sa bawat paa, na mga kasinlaki ng garbansos. Walang isa man sa kanila na tinatamaan na hindi nag-sisimulang nagkakaputol-putol at nagkakapira-piraso ang mga bahagi ng katawan hanggang sa masawi. Kaya nagsialisan sila at tumakas. Nagbagsakan sila sa daan. Tungkol naman kay Abrahah, pinadalhan siya ni Allah ng isang karamdamang nagkandalagas dahilan doon ang mga dulo ng daliri niya. Dumating siya sa San‘á’ noong naigupo na siya nang lubusan ng pinsala. Namatay siya roon.

Tungkol naman sa mga Quraysh, nagkahiwa-hiwalay sila ng mga landas at nagkubli sa mga bundok dala ng takot para sa mga sarili nila dahil sa hukbong iyon. Noong naganap sa hukbo ang naganap, panatag silang bumalik sa mga tahanan nila. Ang pang-yayaring ito ay limampung araw bago isinilang ang Sugo (SAS).

## Ang Pagpapasuso[7]

Noong naipanganak ang Propeta (SAS) ay pinasuso siya ni Thuwaybah na alila ng tiyuhin niya na si Abú Lahab. Napasuso na nito bago pa man siya ang tiyuhin niya na si Hamzah ibnu 'Abdulmuttalib at dahil doon si Hamzah ay naging isang kapatid ng Propeta (SAS) sa pagpapasuso. Yamang isa sa kaugalian noon ng mga Arabe na sila ay naghahanap para sa mga anak nila ng mga sisiwa[8] na nakatira sa disyerto kung saan matatagpuan para sa mga ito ang mga kakailanganin ng maayos na pisikal na paglaki. Nali-pat ang Propeta (SAS) sa isa pang sisiwa. Nang mga panahong iyon na ipinanganak si Muhammad (SAS) ay may dumating sa Makkah na isang pangkat ng mga babaing taga-disyerto ng liping Sa'd upang maghanap ng mga batang gagampanan nila ang pag-papasuso sa mga ito. Nagsimulang lumibot sa mga bahay ang mga babae. Silang lahat ay umayaw kay Muhammad (SAS) dahil sa pagkaulila nito at karalitaan nito. Si Halímah asSa'díyah (RA) ay isa sa mga babaing umayaw sa kanya. Subalit matapos ang pag-libot niya sa karamihan sa mga bahay ay hindi siya nakasumpong ng isang batang mula sa mayamang mag-anak na madadala niya kasama niya upang mapagaan ng upa sa pagpasuso rito

---

[7] (RA): ***Radiyalláhu 'Anhu*** para sa isang lalaki, ***Radiyalláhu 'Anhá*** para sa isang babae, ***Radiyalláhu 'Anhum*** para sa marami. Ang ibig sabihin nito ay: Kasiya-han siya (o sila) ni Allah. Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing binabanggit ang pangalan o ang taguri ng Kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

[8] Babaeng nagpapasuso ng gatas niya sa batang hindi niya anak.

ang pinagti-tiisan niya na kasalatan sa pamumuhay at tindi ng karalitaan, lalo na sa taong iyon ng tagtuyot. Kaya nagtungo siya pabalik sa bahay ni Áminah upang magkasya sa batang ulila at sa maliit na upa.

Dumating si Halímah (RA) sa Makkah kasama ng asawa niya, sakay ng isang inahing asnong payat na makupad lumakad. Noong nasa daan na pauwi habang siya ay kumakalong sa Sugo ni Allah (SAS) sa kanlungan niya, ang inahing asno ay tumatakbo na nang mabilis at iniiwanan nito sa hulihan nito ang lahat ng mga sasak-yang hayop, na ikinamangha naman nang lubusan ng mga kasama sa daan.

Nabanggit ni Halímah (RA) na ang suso niya ay walang nai-dudulot kundi kaunting gatas at na ang pasusuhing anak niya ay palaging umiiyak dahil sa tindi ng gutom. Ngunit noong isinubo niya ang suso niya sa Sugo ni Allah (SAS) ay dumaloy nang masa-gana ang gatas. Isinalaysay rin niya ang tungkol sa tagtuyot sa lupain niya sa tirahan ng liping Sa‘d. Subalit noong nagkamit siya ng karangalan ng pagpapasuso sa batang ito ay naging mabiyaya ang lupain niya at ang mga hayupan niya. Nagbago ang kalagayan niya nang lubos: mula sa kasalatan at karalitaan ay naging kasa-ganaan at kaginhawahan.

Tumagal si Muhammad (SAS) ng dalawang taon sa panga-ngalaga ni Halímah. Ito ay nahumaling sa kanya. Nakadarama ito sa kaibuturan nito ng mga bagay at mga pangyayaring hindi karaniwan na bumabalot sa batang ito. Matapos ang dalawang taong ito ay dinala siya ni

Halímah (RA) sa ina niya at sa lolo niya sa Makkah. Subalit si Halímah (RA), na nakakita sa biyayang dala nito na nagbago sa kalagayan niya, ay nagpumilit kay Áminah na sumang-ayon na manatili ito sa piling niya sa isa pang pagka-kataon. Sumang-ayon naman si Áminah. Umuwi si Halímah (RA) sa tirahan ng liping Sa‘d kasama ng batang ulila sa ama. Nag-uumapaw sa kanya ang galak at pinupuspos siya ng ligaya.

## Ang Pagbiyak ng Dibdib

Isang araw, noong si Muhammad (SAS) ay nalalapit nang mag-apat na taong gulang at habang siya ay naglalaro kasama ng kapa-tid niya sa gatas na anak na lalaki ni Halímah (RA) asSa‘díyah malayo sa mga kubol, ay dumating ang anak ni Halímah (RA). Ito ay tumatakbo at sa mukha nito may mga tanda ng hilakbot. Hiniling nito sa ina nito na puntahan ang Quraysh na kapatid kaya tinanong ito ng ina kung ano ang nangyari.

“May nakita po akong dalawang lalaking nakasuot ng puting damit. Kinuha nila siya sa gitna namin. Pinahiga nila siya at pag-katapos ay biniyak nila ang dibdib niya,” sabi ng bata.

Ngunit bago natapos ng bata ang salaysay nito ay tumatakbo na si Halímah (RA) patungo kay Muhammad (SAS). Nakita siya ni Halímah na nakatayo sa kinaroroonan niya at hindi gumaga-law. Lumitaw ang pamumutla sa mukha niya at nagbago ang kulay niya. Sabik na tinatanong siya nito kung ano ang nangyari sa kanya. Ibinalita niya rito na siya ay nasa mabuti. Ikinuwento

niya rito na may dalawang lalaking nakasuot ng puting damit na kumuha sa kanya at biniyak nila ang dibdib niya. Pagkatapos ay inilabas nila ang puso niya at may inalis sila mula rito na isang itim na namuong dugo at itinapon nila ito. Pagkatapos ay hinugasan nila ang puso ng malamig na tubig. Pagkatapos ay ibinalik nila ito sa dibdib. Pagkatapos ay pinahiran ang ibabaw ng dibdib. Nilisan ng dalawa ang pook at pagkatapos ay naglaho na sila. Ibinalik ni <u>H</u>alímah si Muhammad (SAS) sa kubol. Kasabay ng pagputok ng madaling-araw ng sumunod na araw ay dinala ni Halímah si Muhammad (SAS) papunta sa ina nito sa Makkah. Nagtaka si Áminah sa pagbabalik ni <u>H</u>alímah (RA) nang wala sa panahon sa kabila ng pagkahumaling niya sa bata. Tinanong siya nito kung ano ang dahilan. Kaya isinalaysay ni Halímah rito ang tungkol sa nangyaring pagbibiyak sa dibdib.

## Ang Pagyao ng Ina at Lolo

Pumunta si Áminah dala ang anak na ulila sa Madínah upang dalawin ang mga amain niya sa ina na kabilang sa liping anNajjár. Nanatili siya roon nang mga ilang araw. Nang nasa daan pauwi ay binawian si Áminah ng buhay sa isang lugar na tinatawag na al’Abwá’. Doon na rin siya inilibing. Dito ay namaalam sa ina si Muhammad (SAS) sa ina sa gulang na anim na taon.

Tungkulin ng lolo niya na si ‘Abdulmu<u>tt</u>alib na tumbasan sa kanya ang maraming kawalan. Kaya naman inalagaan at kinalinga siya nito. Sa gulang na walong taon ay yumao ang lolo niya na si ‘Abdulmu<u>tt</u>alib kaya

inalagaan naman siya ng amain niya na si Abú Tálib sa kabila ng dami ng mga anak nito at kasalatan nito sa yaman. Pinakitunguhan siya ng tiyuhin niya at gayon din naman ng maybahay nito ng gaya ng sa mga anak nila. Lubha namang napalapit ang batang ulila sa amain niya. Sa ganitong kalagayan nagsimula ang unang pagkahubog niya. Lumaki siya sa katapatan at pagiging mapagkakatiwalaan hanggang sa ang mga ito ay naging mga taguri na nakikilala siya. Kaya kapag sinabing dumating ang mapagkakatiwalaan o ang matapat, alam na si Muhammad (SAS) ang tinutukoy.

## Si Khadíjah (RA)

Matapos na siya ay magbinata at lumaki nang kaunti, nagsi-mula siyang umasa sa sarili niya sa mga kapakanan ng buhay niya at paghahanap ng ikabubuhay niya. Sinimulan niya ang pagkilos sa paggawa at pagkita. Nagtrabaho siya bilang isang pastol para sa ilan sa mga Quraysh para sa mga tupa nila kapalit ng kaunting halaga ng salapi.

Lumahok siya sa isang paglalakbay pangkalakalan patungong Sham, na nakiambag doon si Khadíjah bint Khuwaylid (RA) ng malaking puhunan. Si Khadíjah na ito ay isang mariwasang balo. Ang katiwala niya sa ari-arian niya sa paglalakbay na iyon ay si Maysarah, ang alila niya at ang tagapangasiwa ng mga gawain niya. Dahil sa biyayang taglay ni Muhammad (SAS) at pagkama-pagkakatiwalaan nito ay tumubo ang kalakal ni Khadíjah (RA) ng tubong hindi pa niya nalaman noon. Kaya

tinanong niya ang alila niyang si Maysarah hinggil sa dahilan ng malaking tubong ito. Ibinalita niyon sa kanya na si Muhammad (SAS) ang buma-likat sa pag-aalok at pagtitinda. Tinangkilik ito ng mga tao nang malaking pagtangkilik. Kaya ang maraming tinubo ay hindi dahil sa pandaraya. Nakinig si Khadíjah (RA) sa alila niya. Nalalaman na niya noon pa ang ilang bagay tungkol kay Muhammad (SAS) kaya tumindi ang paghanga niya rito. Naibigan niyang makaisang-dibdib ito. Nagsugo siya ng isa sa mga babaing kamag-anak niya upang siyasatin para sa kanya ang pagnanais ni Muhammad (SAS) hinggil sa bagay na iyon. Si Muhammad (SAS) noon ay sumapit na sa gulang na dalawampu't lima. Pinuntahan ito ng isang babae upang alukin ito na makipag-isang-dibdib kay Khadíjah (RA). Nalugod naman ito roon.

Nairaos ang pag-iisang-dibdib at lumigaya bawat isa sa kanila sa isa't isa. Nagsimula na si Muhammad (SAS) sa pamamahala sa mga kapakanan ng yaman ni Khadíjah (RA). Napatunayan niya ang kahusayan niya at ang kakayahan niya. Lumipas ang mga taon. Nagkasunud-sunod ang pagdadalang-tao ni Khadíjah (RA) at ang panganganak niya. Nagkaroon ito sa kanya ng mga anak na babae na sina Zaynab, Ruqayyah, Umm Kulthúm at Fáṯimah, at ng mga anak na lalaki na sina AlQásim at 'Abdulláh, na kapwa namatay noong mga bata pa.

## Ang Pagpapatayo ng Ka‘ba

Noong ang edad ng Propeta (SAS) ay tatlumpu’t limang taon, ninanais ng mga Quraysh na muling itayo ang Ka‘bah at panum-balikin ito yamang nagkalamat ang mga dingding nito kaya naman nabingit ito sa pagbagsak dahilan sa katandaan na ng pagkapatayo nito at dahil mayroong malaking baha na dumating sa Makkah at umagos sa alMasjid alHarám. Nabingit ang Ka‘bah dahil doon sa pagguho. Napilitan ang mga Quraysh na panumbalikin ang pagkakapatayo nito dala ng pagpapahalaga sa kalagayan nito. Nagkaisa sila na wala silang gugulin sa pagpapatayo nito maliban sa panggugol na galing sa mabuti. Noong sumapit na sila sa pag-tatayo ng paglalagyan ng Batong Itim ay nagkasalungatan sila hinggil sa kung sino ang may karangalang maglagay niyon sa laga-yan nito. Nagpatuloy ang hidwaan ng apat o limang gabi. Tumindi ang salungatan hanggang sa halos maging isang mabangis na dig-maan sa pagitan nila. Pagkatapos ay nagkaisa sila na pagpasyahin sa pagitan nila ang unang papasok sa pintuan ng alMasjid alHarám patungo sa kinaroroonan nila. Niloob ni Allah na ang unang puma-sok ay ang Sugo ni Allah (SAS). Kaya noong nakita nila siya ay nagsigawan sila: “Ito ang mapagkakatiwalaan. Ikinasisiya namin siya. Ito si Muhhamad.” Noong dumating siya sa kanila at naiba-lita nila sa kanya ang balita ay humingi siya ng isang balabal at iniligay ang Batong Itim sa gitna nito. Hiniling niya sa mga pinuno ng mga liping naghihidwaan na humawak sila sa mga gilid ng balabal. Ipinag-utos niya sa kanila na buhatin ito.

Noong naihatid nila ito sa paglalagyan nito ay binuhat niya ito at inilagay ito sa lagayan nito sa pamamagitan ng mga kamay niya. Ito ay isang matalinong kalutasang ikinasiya ng mga tao.

Kinapos ang mga Quraysh ng panggugol na galing sa mabuti kaya nagbawas sila sa dakong hilaga ng habang mga anim na siko sa bahaging tinatawag na Hijr at Hatím. Ang Ka‘bah pagkayari niyon ay naging may hugis na medyo parisukat. Iniaangat nila mula sa lupa ang pinto nito upang walang pumasok dito maliban sa sinumang ninais nila. Noong sumapit ang estruktura sa taas na 15 siko ay inatipan nila ito sa ibabaw ng anim na haligi.

## Ang Alyansa sa mga Kabutihan

Ang dahilan nito ay na may isang lalaking taga-Zubaydah, mula sa Yemen. Dumating siya sa Makkah na may dalang paninda, na binili naman sa kanya ni Al‘áss ibnu Wá’il na may mataas na katayuan at kalagayan sa Makkah. Ipinagkait ni Wá’il sa kanya ang nauukol sa kanya. Hindi nakatagpo ang Zubaydenyo ng mag-dudulot sa kanya ng katarungan at kukuha para sa kanya ng nau-ukol sa kanya kaya umakyat siya sa burol at ipinanawagan ang pang-aapi sa kanya. May tumindig na isang pangkat mula sa mga lipi ng Makkah at nagkaisa sila na panunumbalikin ang mga nau-ukol sa may-ari ng mga ito. Nagkasunduan sila na kapag maka-susumpong sila sa Makkah ng isang aapihing kabilang sa mga naninirahan doon o hindi kabilang sa kanila na ibang mga taong pumasok doon ay papanig sila sa kanya. Sila ay laban sa

sinumang umapi sa kanya hanggang sa ipinanumbalik sa kanya ang nauukol sa kanya. Tinawag ng mga Quraysh ang alyansang iyon na Alyansa sa mga Kabutihan.

Nakilahok nga Propeta (SAS) sa Alyansang iyon. Ang edad niya sa panahong iyon ay dalawampu't limang taon.

## Ang Pagkapropeta

Kasabay ng paglapit ng edad niya (SAS) sa apatnapung taon, dinalasan ni Muhammad (SAS) ang pag-iisa at ang pagsasarili sa yungib ng Hirá', sa isang bundok na malapit sa Makkah sa dakong silangan. Gumugugol siya roon ng ilang araw at ilang gabi na magkakasunud habang sumasamba kay Allah. Noong gabi ng ika-21 ng buwan ng Ramadán, habang siya ay nasa loob ng yungib at noong tumuntong na siya sa gulang na apatnapung taon, ay pinuntahan siya ni Anghel Gabriel (AS) at nagsabi ito sa kanya: "Bumasa ka."

"Hindi ako nakababasa," sabi naman niya rito. Ang ibig niyang sabihin ay hindi siya marunong bumasa.

Inulit iyon ni Gabriel sa ikalawa at ikatlong pagkakataon. Sa ikatlong pagkakataon ay nagsabi ito sa kanya (96:1-5):[9] **Bumasa ka sa ngalan ng Panginoon mo na lumikha. Lumikha sa tao mula sa namuong dugo. Bumasa ka at ang Panginoon mo ay ang Napakamapagbigay, na nagturo sa pamamagitan ng**

[9] Ang mga talata ng Qur'an o mga Hadíth na sinipi rito ay salin lamang mula sa wikang Arabe ng kahulugan ng Salita ni Allah o ng salita ni Propeta Muhammad (SAS), ayon sa kakayahan ng tagapagsalin.

**panulat, nagturo sa tao ng hindi nito nalaman.** Pagkatapos ay iniwan siya nito.

Hindi na nakayanan ng Sugo ni Allah (SAS) na manatili pa sa yungib ng Hirá’ kaya umuwi siya sa bahay niya. Pumasok siya sa kinaroroonan ni Khadíjah (RA), na kumakabug-kabog ang puso niya at nagsabi: “Balutin ninyo ako. Balutin ninyo ako.”

Binalutan naman siya nito hanggang sa maalis ang sindak sa kanya. Ibinalita niya kay Khadíjah (RA) ang nangyari sa kanya. Pagkatapos ay nagsabi siya: “Talaga ngang natakot ako para sa sarili ko.” Kaya nagsabi naman si Khadíjah (RA): “Aba’y huwag; sumpa man kay Allah, hinding-hindi ka ipahihiya ni Allah kailan-man. Tunay na ikaw ay talagang nagpapanatili sa ugnayan sa kaanak, umaalalay sa naghihikahos, nagbibigay sa nawawalan, nagpaparangal sa panauhin, at umagapay sa dinapuan ng mga kasawian sa mundo.”

Pagkalipas ng isang maikling panahon ay bumalik ang Propeta (SAS) sa yungib ng Hirá’ upang ipagpatuloy roon ang pagsamba niya. Noong natapos ang pagsamba niya ay nanaog siya mula sa yungib upang bumalik sa Makkah. Noong siya ay nasa gitna na ng lambak, pinuntahan siya ni Anghel Gabriel na nakaupo sa isang upuang nasa pagitan ng langit at lupa, at isinawalat sa kanya (74:1-5): **O nakatakip! Bumangon ka at magbabala ka. Ang Panginoon mo ay dakilain mo. Ang mga kasuutan mo ay lini-sin mo. Ang kasalaulaan[10] ay layuan mo.** Pagkatapos ay nag-patuloy ang pagsisiwalat at nagkasunud-sunod matapos niyon.

---

[10] *O* mga diyus-diyusan.

Noong nasimulan ng Propeta (SAS) ang pag-anyaya niya tungo sa Islam ay tinugon ng butihing maybahay niya ang panawagan ng pananampalataya at sinaksihan nito ang kaisahan ni Allah at ang pagkapropeta ng marangal na asawa niya. Si Khadíjah (RA) ay ang unang yumakap sa Islam. Kinausap ng Sugo ni Allah (SAS) ang matalik na kaibigan niya na si Abú Bakr (RA). Sumampala-taya naman ito at naniwala nang walang pag-aatubili. Pinili niya mula sa mga anak ng amain niya si ‘Alíy upang alagaan sa piling niya at gugulan sa pangangailangan nito, bilang isang pagganti niya sa amain niyang si Abú Tálib na nag-aruga at nangalaga sa kanya noong wala na ang ina niya at ang lolo niya. Sa ganitong kalagayan binuksan ni ‘Alíy (RA) ang puso nito at ang isip nito kaya sumampalataya ito. Pagkatapos niyon ay sumunod naman sa kanila si Zayd ibnu Hárithah (RA) na alila ni Khadíjah (RA).

Nagpatuloy ang Propeta (SAS) sa lihim na pag-aanyaya sa Islam yamang inililihim nila ang pagyakap nila sa Islam dala ng pangambang sumailalim sila sa napakabigat na mga uri ng pag-paparusa mula sa mga Káfir ng mga Quraysh kapag natuklasan ng mga ito ang tungkol sa kanila nang sa gayon ay mahadlangan sila sa Islam. Talaga ngang ang mga Kasamahan ng Sugo ni Allah (SAS) noong sandaling iyon, kapag ninais nilang magsagawa ng saláh at pagsamba, ay nagtatago mula sa mga Mushrik at pumu-punta sa mga gulod sa labas ng Makkah.

## Ang Hayagang Pag-aanyaya sa Islam

Matapos na gumugol ang Sugo ni Allah (SAS) ng tatlong taon sa palihim na paisa-isang pag-aanyaya sa Islam ay ibinaba ni Allah ang talata na ito ng Qur'an (15:94): **Kaya ilantad mo ang ipinag-uutos sa iyo at hayaan mo ang mga nagtatambal.**[11] Kaya tumayo siya, isang araw, sa tuktok ng burol ng Safá, na nananawagan sa mga naninirahan sa Makkah. Pinagtipunan siya ng maraming tao at kabilang sa mga iyon ang amain niya na si Abú Lahab, na isa sa mga tao na may napakalaking pagkamuhi kay Allah at sa Sugo Niya. Noong pinagtipunan na siya ng mga tao ay nagsabi siya: ***"Sa tingin ba ninyo kung ibabalita ko sa inyo na sa likod ng bundok na ito ay may kalaban na nag-aabang sa inyo, maniniwala ba kayo sa akin?"***

"Wala kaming nalaman sa iyo kundi ang katapatan at ang pagkamapagkakatiwalaan," sabi nila.

***"Tunay na ako sa inyo ay isang tagapagbabala sa harap ng isang matinding pagdurusa,"*** sabi niya.

Pagkatapos ay nagpatuloy ang Sugo ni Allah (SAS) sa pag-aanyaya sa kanila tungo kay Allah at sa pagwaksi sa anumang ginagawa nilang pagsamba sa mga diyus-diyusan. Lumitaw si Abú Lahab sa gitna ng mga tao at nagsabi: "Kapahamakan sa iyo; dahil ba dito ay tinipon mo kami?" Kaya nagbaba si Allah ng isang Súrah na

---

[11] Mushrik o gumagawa ng Shirk o lumalabag sa Tawhíd. Sa kabuuan ang Mushrik ay ang sinumang naniniwalang may iba pang Panginoon bukod pa kay Allah, ang namumukod-tanging tunay na Diyos, at sumasamba sa iba pa kay Allah.

bibigkasin hanggang sa Araw ng Pagkabuhay (111:1-5): **Napahamak ang dalawang kamay ni Abú Lahab at napahamak siya! Walang naipakinabang para sa kanya ang yaman niya at ang anumang nakamit niya. Papasok siya sa Apoy na may liyab, at *gayon din* ang maybahay niya, *ang* tagapasan ng panggatong. Sa leeg nito ay may tali mula sa linubid na himaymay.**

Nagpatuloy ang Propeta (SAS) sa pag-aanyaya niya. Sinimu-lan niyang ilantad ito sa mga pook ng mga pagtitipon ng mga tao. Nagdarasal siya sa tabi ng Ka'bah. Dumadalo siya sa mga pinag-titipunan ng mga tao. Pinupuntahan niya ang mga Mushrik sa mga palengke nila upang anyayahan sila sa Islam. Madalas siyang dumanas ng pamiminsala. Nadagdagan din ang pamiminsala ng mga Káfir sa sinumang yumakap sa Islam. Kabilang doon ang nangyari kina Yásir (RA), Sumayyah (RA) at sa anak nila na si 'Ámmár (RA) yamang namatay ang mga magulang ni 'Ámmár (RA) na martir dahil sa tindi ng pahirap. Si Sumayyah (RA) ang unang martir sa Islam.

Sumailalim din si Bilál ibnu Rabáh (RA) na taga-Ethiopia sa matinding pagdurusa sa kamay nina Abú Jahl at Umayyah ibnu Khalaf. Pumasok na sa Islam si Bilál ibnu Rabáh (RA) sa pama-magitan ni Abú Bakr (RA) asSiddíq. Noong nalaman iyon ng pangi-noon niya na si Umayyah ibnu Khalaf, ginamit nito sa kanya ang halos lahat ng mga kaparaanan ng pagpapahirap upang talikuran niya ang Islam, ngunit tumanggi siya at nanatili sa Relihiyon niya. Dinadala siya noon ni Umayyah sa labas ng

Makkah na nakagapos sa mga tanikala. Naglalagay ito sa dibdib niya ng malaking bato matapos na pahigain siya nito sa mga nakapapasong buhangin. Pagkatapos ay pinagbuntunan siya ng hagupit ni Umayyah at ng mga kasama nito samantalang siya naman ay paulit-ulit na nag-sasabi ng *ahad, ahad*[12] hanggang sa madaanan siya ni Abú Bakr (RA) asSiddíq habang siya ay nasa gayong kalagayan. Binili siya nito kay Umayyah at pinalaya alang-alang kay Allah.

Talaga namang bahagi ng katwiran kaalinsabay ng pag-iral ng mga paniniil na ito na pinigilan ng Sugo ni Allah (SAS) ang mga Muslim sa pagpapahayag ng pagyakap nila sa Islam. Naki-kipagkita rin siya sa kanila nang lihim dahil kung sakaling naki-pagkita siya sa kanila nang hayagan, hahadlang ang mga Mushrik sa pagitan niya at ng ninanais niya na pagtuturo sa kanila at pag-papatnubay sa kanila. Marahil humantong pa iyon sa sagupaan hindi magkapantay sa pagitan ng dalawang pangkat. Maaaring mauwi ito sa pagkawasak ng mga Muslim at pagkalipol nila dahil sa kakauntian ng bilang nila at sandata nila. Kaya naman bahagi ng katwiran ang pagkukubli. Tungkol naman sa Sugo ni Allah (SAS), inilalantad niya ang pag-aanyaya sa Islam at ang pagsamba sa gitna ng mga Mushrik sa kabila ng natatamo niyang mga pami-minsala mula sa mga Káfir ng mga Quraysh.

---

[12] Iisa, iisa [ang Diyos].

## Ang Pagyakap sa Islam ni Hamzah ibnu ‘Abdulmuttalib, ang Tiyuhin ng Propeta (SAS)

Isang araw, naparaan si Abú Jahl, ang pinuno ng mga Mushrik at kaaway ni Allah, sa Propeta (SAS) habang ito ay nasa tabi ng Ka‘bah. Kaya naman nilait niya ito at sinaktan nang labis. Ngunit hindi tumugon sa kanya ang Sugo (SAS) at hindi siya kinausap nito. Nakita ng isa sa mga babae ang nangyari at pagkatapos ng maikling sandali ay dumating si Hamzah ibnu ‘Abdulmuttalib (RA) mula sa isang paglalakbay ng pangangaso sa labas ng Makkah. Ibi-nalita sa kanya ng babae ang nangyari kaugnay kay Abú Jahl at sa panlalait nito sa Propeta (SAS). Noong narinig ni Hamzah iyon ay nagalit siya nang matindi. Umalis siya na naghahanap kay Abú Jahl hanaggang sa natagpuan niya ito na nakaupo kasama ng ilang tao. Pinalo niyo ito ng pana sa ulo nito at nabasagan niya nang malaki. Sinabi niya: “Lalaitin mo pa ba si Muhammad gayong ako ay nasa Relihiyon na niya?” Ito ang naging dahilan ng pag-yakap niya sa Islam. Sa pagyakap niya ng Islam ay may karangalan at katatagang naidulot sa mga Muslim dahil sa mataas na kala-gayan niya at katayuan niya sa mga naninirahan sa Makkah.

## Ang Pagyakap sa Islam ni ‘Umar ibnu alKhattáb (RA)

Pagkatapos ay nadagdagan pa ng karangalan at katatagan ang mga Muslim dahil sa pagyakap sa Islam ni ‘Umar ibnu alKhattáb (RA). Iyon ay tatlong araw

matapos ang pagyakap sa Islam ni Hamzah (RA). Isang araw, lumabas si ‘Umar ibnu alKhattáb. Ninanais niyang patayin ang Propeta (SAS) ngunit nakatagpo siya ng isang lalaki at nagsabi ito:

“Saan mo nais pumunta, ‘Umar?”

“Nais kong patayin si Muhammad,” sabi niya.

“Papaano kang makaliligtas sa angkan ng Háshim at sa angkan ng Zahrah kapag pinatay mo si Muhammad?,” tanong nito.

“Ang tingin ko sa iyo ay nag-aasal-bata ka at tinalikdan mo ang relihiyon mong kinagisnan mo,” sabi naman niya rito.

“Hindi mo ba nais na ipabatid sa iyo ang nakagugulat, ‘Umar? Ang babaing kapatid mo at ang asawa niya ay yumakap sa Islam, at tinalikdan na nila ang relihiyong kinagisnan mo.” sabi nito.

Kaya galit na humayo si ‘Umar hanggang sa dumating siya sa dalawa. Kasama ng dalawa si Khabbáb ibnu al’Art (RA) na may dalang kalatas na naglalaman ng Súrah <u>T</u>aha na binabasa nito sa dalawa. Noong naramdaman ni Khabbáb na si ‘Umar ay nagtago siya sa bahay at tinakpan naman ni Fátimah na kapatid ni ‘Umar ang kalatas. Narinig na ni ‘Umar noong lumapit siya sa bahay ang pagbabasa ni Khabbáb kaya noong nakapasok siya sa kinaroroonan ng dalawa ay nagsabi siya:

“Ano itong narinig ko sa inyo?”

“Walang anuman maliban sa isang pag-uusap na pinag-uusa-pan namin,” sabi ng dalawa.

"Baka naman kayo ay nag-asal-bata at iniwan na ninyo ang relihiyon ninyo," sabi niya.

"'Umar, nakita mo ba kung ang katotohanan ay nasa relihiyon mo?," tanong ng bayaw niya.

Kaya sinunggaban ni 'Umar ito at inilugmok nang matinding paglugmok. Pumunta naman ang kapatid niya at inalis siya sa asawa nito. Pinagbuhatan niya ito ng kamay kaya napadugo niya ang mukha nito. Kaya nagsabit ito nang galit na galit:

"Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah at sumasaksi ako na si Muhammad ay Sugo ni Allah."

Noong nakita ni 'Umar ang dugo sa kapatid niya ay nagsisi siya at nahiya.

"Ibigay ninyo sa akin ang kasulatan na iyan na nasa inyo upang basahin ko," sabi ni 'Umar.

"Tunay na ikaw ay marumi at ang aklat na ito ay hindi sasa-lingin kundi ng mga dinalisay kaya bumangon ka at maghugas ka," sabi ng kapatid niya.

Kaya bumangon siya at naghugas. Pagkatapos ay kinuha niya ang kasulatan na ito at binasa niya ito:

**Tunay na Ako ay si Allah; walang Diyos kundi Ako, kaya sambahin mo Ako at panatilihin mo ang pagdarasal para sa paggunita sa Akin.**[13]

"Anong ganda ng pananalitang ito at anong dangal nito. Ituro ninyo sa akin si Muhammad," sabi ni 'Umar.

Kaya noong narinig ni Khabbáb ang sabi ni 'Umar ay luma-bas siya sa pinagtataguan niya sa bahay at nagsabi:

---

[13] Qur'an 20:14.

“Magalak ka, ‘Umar, sapagkat tunay na ako ay umaasa na ang paanyaya ng Sugo (SAS) ay dumating sa iyo sapagkat tunay na siya ay nagsabi: O Allah, parangalan Mo ang Islam sa pamamagitan ni ‘Umar ibnu alKhattáb o sa pamamagitan ni Abú Jahl ibnu Hishám.”

Kinuha ni ‘Umar ang tabak niya. Pagkatapos ay lumisan patu-ngo sa kinaroroonan ng Sugo ni Allah (SAS). Kinatok niya ang pinto. May tumayong isang lalaki. Sumilip ito sa siwang ng pinto at nakita nito siya na nakasukbit ang tabak. Ibinalita nito sa kanila ang pagdating ni ‘Umar at nagkagulo ang mga tao samantalang ang Propeta ay nasa loob ng bahay kaya sinabihan sila ni Hamzah: “Anong nangyayari sa inyo?”

“Si ‘Umar,” sabi nila.

Kaya nagsabi ito: “Pagbuksan ninyo siya ng pinto sapagkat kung naparito siya sa pagnanais ng mabuti ay ipagkakaloob natin ito sa kanya at kung naparito naman siya sa pagnanais ng masama ay papatayin natin siya sa pamamagitan ng tabak niya.”

Pumasok si ‘Umar at ipinahayag ang pagyakap niya sa Islam. Sumigaw ng Alláhu akbar ang mga nasa bahay na narinig ng mga nasa masjid.

Sinasabi ni Suhayb arRúmíy: “Noong sa Islam si ‘Umar ay nanaig ang Islam at ipinaanyaya ito nang hayagan. Naupo kami sa palibot ng Ka‘bah nang pulu-pulutong. Nagsagawa kami ng <u>t</u>awáf sa Ka‘bah.”

Ayon naman kay ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd na nagsabi: “Hindi na kami nahinto sa pagiging mga matatag magmula ng yumakap sa Islam si ‘Umar.”

## Ang Pagtatangka ng mga Mushrik na Udyukan ang Propeta (SAS)

Noong nakita ng mga Mushrik ang pagdami ng mga pumapa-sok sa Islam at na ang maraming pagtatangka nila sa pagbalakid sa mga tao sa Islam ay walang naidulot na pakinabang, tinangka naman nila na maghanap ng iba pang kaparaanan na mahahadla-ngan nila ang Propeta (SAS) sa pamamagitan niyon sa pagpapala-ganap sa Islam at pag-aanyaya tungo rito. Pumunta si ‘Utbah ibnu Rabí‘ah, na isang pinunong kabilang sa mga pinuno ng Makkah, sa Sugo ni Allah (SAS) samantalang ito ay nakaupo sa masjid nang mag-isa at nagsabi: “Anak ng kapatid ko, tunay na ikaw ay nagdala sa mga kababayan mo ng isang sukdulang bagay na pinaghati-hati mo sa pamamagitan niyon ang pagkakabuklod nila, pinintasan mo sa pamamagitan niyon ang mga diyos nila at ang relihiyon nila, at pinaratangan mo ng kawalang-pananampalataya sa pamama-gitan niyon ang nagdaang mga ninuno nila. Kaya makinig ka sa akin, aalukin kita ng mga bagay na isaalang-alaang mo nawa. Hari-nawa ay tanggapin mo mula sa mga ito ang ilan sa mga ito.”

“Sabihin mo, Abulwalíd, makikinig ako,” sabi rito ng Sugo ni Allah (SAS).

“Anak ng kapatid ko, kung ikaw ay nagnanais lamang dahil sa dinala mong bagay na ito ng yaman, kakalap kami para sa iyo mula sa mga yaman namin nang sa gayon ay ikaw ang maging pinakamarami sa amin sa yaman. Kung ikaw ay nagnanais dahil doon ng isang katungkulan at isang karangalan, pamumunuin ka

namin sa amin nang sa gayon ay hindi kami magpapasya ng isang bagay nang wala ka. Kung ikaw ay nagnanais dahil doon ng isang paghahari, paghahariin ka namin sa amin. Kung itong dumating sa iyo ay isang pangitaing nakikita mo na hindi mo makakayang itaboy palayo sa sarili mo, maghahanap kami para sa iyo ng mga manggagamot at ipagkakaloob namin dahil doon ang mga yaman namin hanggang sa gumaling ka roon."

Kaya noong natapos na si 'Utbah samantalang ang Sugo ni Allah (SAS) ay nakikinig ay nagsabi naman siya: "Natapos ka na ba, Abulwalíd?"

"Oo," sabi nito.

"Kaya makinig ka naman sa akin," sabi niya.

"Gagawin ko," sabi nito.

Kaya bumigkas ang Sugo (SAS): **Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain. Há. Mím. Isang pag-papababa mula sa Napakamaawain, Pinakamaawain, isang Aklat na sinari-sari ang mga Tanda nito, isang Qur'an na Arabe para sa mga taong nakaaalam, bilang isang tagapag-balita ng nakagagalak at tagapagbabala, subalit umiwas ang higit na marami sa kanila, kaya sila ay hindi dumidinig.**[14] Pagkatapos ay nagpatuloy pa ang Sugo ni Allah (SAS) sa pagbig-kas nito roon. Noong marinig ni 'Utbah ay nakinig siya dito. Ini-lagay niya ang mga kamay niya sa likuran ng likod niya habang nakasandig sa mga ito. Nakikinig siya roon hangang sa umabot ang

---

[14] Qur'an 41:1-4.

Sugo ni Allah sa bahagi nito na humihiling ng pagpapatirapa at nagpatirapa ang Sugo. Pagkatatapos ay nagsabi ang Sugo (SAS): “Narinig mo na, Abulwalíd, ang narinig mo kaya ikaw ay mag-pasya roon.”

Kaya tumindig si ‘Utabah patungo sa mga kasamahan niya at nagsabi ang iba sa kanila sa iba pa: “Sumusumpa kami kay Allah, talaga ngang dumating sa inyo si Abulwalíd na may mukhang iba sa mukha noong umalis siya.” Noong nakaupo na siya sa harap nila ay nagsabi sila: “Ano ang nangyari sa iyo, Abulwalíd?”

Nagsabi siya: “Ang nangyari sa akin ay na ako ay nakarinig ng isang salita na, sumpa man kay Allah, hindi ako nakarinig ng tulad niyon kailan man. Sumpa man kay Allah, iyon ay hindi pang-gagaway, ni tula, ni panghuhula. O umpukan ng mga Quraysh, tumalima kayo sa akin. Hayaan na ninyo ang lalaki at ang anumang kalagyan niya sapagkat sumpa man kay Allah talagang magkaka-karoon nga ng isang balita dahil sa sinabi niya na narinig ko. Kaya kung makukuha siya ng mga ibang Arabe ay masasapatan nga kayo ng iba pa sa inyo. Kung mananaig siya sa mga Arabe, ang kaharian niya ay kaharian ninyo at ang karangalan niya ay kara-ngalan ninyo. Kayo ay magiging pinakamaligaya sa mga tao dahil sa kanya.”

“Nagaway ka niya, sumpa man kay Allah, o Abulwalíd sa pamamagitan ng dila niya!,” sabi nila.

“Ito ang pananaw ko kaya gamin ninyo ang mukhang mabuti para sa inyo,” sabi niya.

## Ang Paglikas sa Ethiopia

Noong nagpatuloy ang mga Mushrik sa pagpapahirap sa sino mang natuklasang yumakap sa Islam lalo na ang mga mahina sa kanila, hiniling ng mga Kasahamahan sa Sugo (SAS) na lumikas sila dahil sa relihiyon nila sa Ethiopia sa piling ng Najáshíy,[15] na matatagpuan nila sa piling niya ang katiwasayan lalo na at may marami sa mga Muslim na natakot para sa mga sarili nila at mga kaanak nila dahil sa mga Quraysh. Iyon ay noong ikalimang taon ng pagsugo. Kaya lumikas mula sa mga Muslim ang humigit-kumulang pitumpo kasama ng mga kaanak nila. Kabilang sa kanila si ‘Uthmán ibnu ‘Affán (RA) at ang maybahay niya na si Ruqayyah (RA) na anak ng Sugo (SAS).

Talaga ngang tinangka ng mga Quraysh na siraan ang pagka-tao nila sa Ethiopia. Nagpadala sila ng mga regalo sa Hari at hini-ling sa kanya na isuko sa kanila ang mga nagsitakas na iyon. Sinabi pa nila sa kanya: “Ang mga Muslim ay nanlalait kay Jesus at sa ina nya.” Ngunit noong tinanong ng Najáshíy ang mga Muslim tungkol doon ay ipinaliwanag ng mga ito sa kanya ang sinasabi ng Qur’an tungkol kay Jesus (AS). Nilinaw ng mga ito sa kanya ang katotohanan at binigkas sa kanya ang Súrah Maryam. Ipinag-sanggalang niya ang mga ito at tumanggi siya na isuko ang mga ito sa mga Quraysh. Sumampalataya siya at ipinahayag niya ang pagyakap niya sa Islam.

---

[15] Ito ang tawag noon sa mga hari ng Ethiopia.

Noong buwan ng Ramadán ng taon ding iyon ay pumunta ang Sugo (SAS) sa mga tao sa paligid ng Ka‘bah. Tumayo siya sa gitna nila at sinimulang bigkasin ang Súrah anNajm samanta-lang mayroong malaking pagtitipon ng mga Quraysh. Ang mga Káfir na ito ay hindi pa nakarinig ng Salita ni Allah bago nito dahilan sa pagpapayuhan nila na hindi sila makikinig sa anuman mula sa Sugo (SAS). Subalit noong binigla sila ng pagbigkas ng Súrah na ito at kinatok ang mga tainga nila ng nakabibighani na makadiyos na salitang iyon, nanatili ang bawat isa sa kanila na matamang nakikinig dito. Walang anumang sumasagi sa isipan maliban sa pakikinig dito. Noong nabigkas niya ang **“Kaya magpatirapa kayo kay Allah at sumamba kayo.”** [16] ay nagpatirapa siya at hindi nila napagpigil ang mga sarili nila kaya sumubsob silang lahat na mga nakapatirapa.

## Ang Boykoteo

Nagpatuloy ang mga Quraysh sa pakikidigma sa pag-aanyaya ng Propeta (SAS). Sinunod nila alaang-alang doon ang maraming istilo. Nagpahirap sila, naniil sila, nagbanta sila, at nang-udyok sila. Subalit ang lahat ng iyon ay walang kinahantungan kundi ang ibayong pagkapit sa Relihiyong Islam at ang pagkadagdag ng bilang ng mga mananampalataya. Pagkatapos ay heto na naman sila, gumagamit ng bagong istilo sa pakikidigma sa Islam. Iyon ay sa pamamagitan ng pagsulat nila ng isang

[16] Qur’an 53:62.

kasulatang nilagdaan nilang lahat at isinabit nila sa loob ng Ka‘bah. Nagkasunduan sila roon sa pagboboykoteo sa mga Muslim at sa angkan ng Háshim, isang pangkalahatang boykoteo. Walang magaganap sa mga ito na pag-titinda, ni pagbili, ni pakikipag-isang-dibdib, ni pakikipagtulungan, ni pakikitungo.

Napilitan ang mga Muslim na lumabas sa Makkah patungo sa isa sa mga lambak nito na tinatawag na Shi‘b Abí Tálib. Doon ay naghirap ang mga Muslim ng isang matinding hirap. Nagbata sila ng sarisaring pasakit gaya ng gutom at kagipitan. Ipinagkaloob ng mga maykaya sa kanila ang lahat ng mga ari-arian, hanggang sa nagugol ni Khadíjah (RA) ang lahat ng ari-arian niya. Lumaganap sa kanila ang mga sakit. Nabingit ang karamihan sa kanila sa kasa-wian. Subalit sila ay nagpakatatag, nagtiis, at walang tumalikod sa kanila ni isa man sa Islam. Nagtagal ang paninikis sa loob ng tatlong taon hanggang sa may tumayo na isang pangkat ng mga tanyag na ginoo ng mga Quraysh na kabilang sa mga nauugnay sa ilan sa angkan ng Háshim sa pagkakamag-anak. Nagsagawa sila ng pagpapawalang-bisa sa nilalaman ng kasulatan. Ipinahayag nila iyon sa madla. Noong nailabas na nila ang kasulatan ay natag-puan nila na kinain na ito ng mga anay at walang natira rito kundi ang pararilang: Sa ngalan Mo, o Allah. Naglaho ang krisis at nag-balik ang mga Muslim at ang angkan na Háshim sa Makkah.

Ngunit ang mga Quraysh ay nanatili sa mapang-aping paninin-digan nila sa pakikipagdigmaan sa mga Muslim, pakikidigma sa Islam, pagpigil sa mga tao sa

pakikipagtagpo sa Propeta (SAS) o pakikinig sa Qur’an. Pinagbabalaan nila ang lahat ng pumupunta sa kanila na mga Arabe. Kabilang doon ang isinalaysay ni Attufayl ibnu ‘Amr adDawsíy kung saan binanggit niya na dumating siya sa Makkah at naglakad siya patungo sa ilang lalaking kabilang sa mga Quraysh. Si Attufayl ay isang pinunong tinatalima sa lipi niya. Nagsimula silang magbabala sa kanya laban sa Sugo (SAS) at tinatakot nila siya laban sa paglapit doon o pakikinig doon. Sinabi nila na ang pananalita raw niyon ay gaya ng panggagaway na makapagpapahiwalay sa tao at ama nito, sa lalaki at kapatid nito, at sa lalaki at maybahay nito. Sinasabi pa ni Attufayl: “Kaya sumpa man kay Allah, hindi nila ako tinigilan hanggang sa nag-pasya ako na hindi ako makikinig sa kanya ng anuman at hindi ko siya kakausapin anupa’t pinasakan ko ang tainga ko ng bulak sa pangambang may makararating sa akin na anuman sa pananalita niya.”

Sinasabi pa ni Attufayl: “Kaya pumunta ako sa masjid at sa hindi inaasahan ang Sugo ni Allah ay nakatayo na nagdarasal sa tabi ng Ka‘bah. Tumayo ako malapit sa kanya at tumanggi si Allah na hindi maiparinig sa akin ang ilan sa sinasabi niya. Nakarinig ako ng magandang pananalita kaya sinabi ko sa sarili ko: ‘Tunay na ako ay talagang isang lalaking matalinong manunula na hindi maikukubli sa akin ang maganda sa pangit kaya ano ang pumipi-gil sa akin na makinig sa lalaking ito sa sinasabi niya? Kaya kung ang dinadala niya ay maganda, tatanggapin ko iyon. Kung iyon ay pangit, tatanggihan ko

iyon.' Namalagi ako hanggang sa lumi-san ang Sugo ni Allah (SAS) patungo sa bahay niya. Sinundan ko siya hanggang sa noong pumasok siya sa bahay ay pumasok din ako sa kinaroroonan niya at nagsabi ako: 'O Muhammad, tunay na ang mga kababayan mo ay nagsasabi sa akin ng anu-ano at sumpa man kay Allah, hindi sila tumigil sa pananakot sa akin tungkol sa iyo hanggang sa pinasakan ko na ang tainga ko ng bulak upang hindi ko marinig ang sinasabi mo. Pagkatapos ay tumanggi si Allah na hindi ito maiparinig sa akin kaya naka-pakanig ako ng isang magandang pananalita. Kaya ilahad mo sa akin ang tungkol sa iyo at inilahad niya sa akin ang Islam. Binig-kas niya sa akin ang Qur'an at sumpa man kay Allah hindi ako nakarinig ng pananalita kailanman na higit na maganda ni bagay na higit na makatarungan kaysa roon. Kaya naman yumakap ako sa Islam at sumaksi ako ng pagsaksi sa katotohanan."

Pagkatapos ay umuwi si Attufayl (RA) sa mga kalipi niya. Inanyayahan niya sila at nilinaw niya sa kanila ang Islam. Yuma-kap sa Islam ang mga kasambahay niya at lumaganap ang Islam sa lipi niya.

## Ang Taon ng Kalungkutan

Nagsimula ang matinding karamdaman sa paggapang sa mga bahagi ng katawan ni Abú Tálib, ang amain ng Propeta (SAS) at pinamamalagi siya nito na nakaratay sa higaan. Walang iba ito kundi isang panandaliang panahong sapagkat walang anu-ano ay dinaranas na niya ang mga hapdi ng kamatayan habang ang Sugo ni Allah

(SAS) ay nasa tabi ng ulo niya at nagsusumamo sa kanya na magsabi ng *Lá Iláha Illa -lláh* bago siya mamatay. Subalit ang mga masamang kasama na mga kapisan niya noon, sa pamumuno sa kanila ni Abú Jahl, ay pumipigil sa kanya at nagsasabi sa kanya: "Tatalikdan mo ba ang relihiyon ng mga magu-lang mga at mga ninuno mo? Umaayaw ka ba sa kapaniwalaan ni 'Abdulmuttalib?" Nagpupumilit sila sa kanya hanggang sa nama-tay siya sa *Shirk*. Kaya ang kalungkutan ng Sugo (SAS) para sa amain niya ay ibayo yamang namatay ito na isang Káfir.

Pagkalipas ng malapit sa dalawang buwan mula ng yumao si Abú Tálib ay yumao naman si Khadíjah (RA). Kaya nalungkot nang matindi dahil doon ang marangal na Sugo (SAS). Tumindi pa ang dinanas na pagsubok ng Sugo ni Allah (SAS) mula sa mga kababayan niya matapos na yumao ang amain niyang si Abú Tálib at ang maybahay niyang si Khadíjah (RA).

Talaga ngang ang karamihan sa mga tumugon sa paanyaya ng Sugo (SAS) ay kabilang sa mga mahina at mga alipin. Sila sa kadalasan ay ang pinakamalapit na mga tao sa pagtugon sa paan-yaya ng mga sugo dahil sila ay hindi nahihirapang maging taga-sunod ng iba pa sa kanila. Samantala, ang mga malaking tao at ang mga may kapangyarihan at kapamahalaanan ay kadalasang humahadlang sa kanila ang pagmamalaki, ang pagkainggit, at ang pagkaibig sa kapangyarihan upang magpasakop at maging mga tagasunod ng iba pa sa kanila.

## Ang mga Istilo ng mga Mushrik sa Pakikidigma sa Pag-aanyaya Tungo sa Islam

Lumaki ang bilang ng mga istilo ng mga Mushrik sa pakiki-digma sa sa pag-anyaya tungo sa Islam. Naging sarisari ang mga kaparaanan nila sa paghadlang sa paglaganap ng Islam. Dumami ang mga paraan nila sa pagsagabal sa mga tao sa relihiyon nila. Kabilang doon:

1. **Ang pagbabanta.** Pinuntahan ng isang pangkat ng mga pinuno ng mga Quraysh si Abí Tálib, ang amain ng Propeta (SAS), at nagsabi sila: "Tunay na si Muhammad ay namiminsala sa amin at nanlalait sa mga diyos namin, kaya sawayin mo siya roon." Kaya ipinatawag niya ito at sinabi rito: "Anak ng kapatid ko, ang mga anak ng amain mo ay nag-aangking pinipinsala mo raw sila at nilalait mo raw ang mga diyos nila, kaya tigilan mo iyon." Itinuro ng Sugo ni Allah (SAS) ang araw at nagsabi: "Ako ay hindi higit na nakakaya na mag-iwan niyon para sa inyo, na mag-palagablab kayo para sa akin ng isang lagablab." Kaya nagsabi si Abú Tálib: "Hindi nagsinungaling ang anak ng kapatid ko, kaya hayaan ninyo siya."
2. **Ang mga bulaang paratang.** Pinaratangan nga nila ang Propeta (SAS) ng kabaliwan. Pinaratangan nila siya ng panggagaway. Pinaratangan nila siya ng pagsisinungaling. Pinaratangan nila siya ng paggawa ng mga mito.
3. **Ang panunuya, ang pangungutya, at ang pagtatawa.** Madalas silang nanunuya sa Propeta (SAS) at mga Kasamahan niya. Kapag napadaan siya noon sa kanila

ay tinutuya nila siya, kinu-kutya nila siya, at pinag-uusapan nila ang pribadong buhay niya. Kapag nakita nila siya kasama ng mga Kasamahan niya na kabi-lang sa mga sinisiil ay kinukutya nila ang mga ito at sinasabi: “Ang mga ito ang mga kapalagayan niya at ang mga tagasunod niya.”

4. **Ang pagbaluktot sa mga katuruan niya, ang panunulsol ng mga maling hinala, at ang pagkakalat ng mga sinungaling na propaganda.** Sila noon ay nagsasabing ang Qur’an ay mga kuwento lamang daw at mga mito ng mga sinaunang tao. Sina-sabi rin nila na ang nagtuturo sa kanya ay isang tao lamang.
5. **Ang pananakita sa kanya (SAS).** Noong hindi nagbunga ang mga naunang istilong iyon sa paghadlang sa Sugo (SAS) at mga Kasamahan niya sa Relihiyon nila ay bumaling naman ang mga Quraysh sa istilo ng pisikal na pangangaway. Kabilang doon ang ginawa ni ‘Uqbah ibnu Abí Mu‘íṯ. Pumunta ito sa Propeta (SAS) samantalang siya ay nagdarasal. Inilagay nito ang balabal nito sa leeg niya at sinakal siya ng matinding pagsakal. Duma-ting si Abú Bakr at itinulak ito palayo sa kanya at nagsabi: “Papa-tay ba kayo ng isang lalaki na nagsasabi: ‘Ang Panginoon ko ay si Allah,’ at dumating nga siya sa inyo dala ang mga malinaw na patunay mula sa Panginoon ninyo.”

Habang ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagdarasal sa tabi ng Ka‘bah samantalang si Abú Jahl kasama ng mga kasamahan niya ay mga nakaupo. Nagsabi si Abú Jahl: “Alin sa inyo ang titindig upang puntahan ang

bituka ng kamelyo ng liping Polano at kukunin iyon at saka ilalagay iyon sa likod ni Muhammad kapag nakapatirapa siya?" Kaya nagdali-dali ang isa sa kanila at kinuha iyon. Noong nakapatirapa na ang Propeta (SAS) ay inilagay nito iyon sa ibabaw ng likod niya sa pagitan ng mga balikat niya. Nagtawanan sila at nagsimula silang gumiwang-giwang sa katatawa kaya lumapit si Fátimah, ang anak ng Propeta (SAS), at inalis iyon sa kanya.

Nagsabi si Abú Jahl minsan: "Talagang kung makikita ko si Muhammad na nagdarasal ay talagang aapakan ko nga ang leeg niya at talagang ikukuskos ko nga ang mukha niya sa alabok." Kaya pinuntahan nito ang Sugo ni Allah (SAS) habang siya ay nagdarasal. Inaakala nito na makatatapak ito sa leeg niya ngunit ginulat sila noong ito ay umuurong at nangingilag sa pamamagitan ng mga kamay nito. Kaya nagsabi sila: "Anong nangyayari sa iyo, Abúlhakam[17]?" Nagsabi siya: "Tunay na sa pagitan ko at niya ay talagang may isang bambang ng apoy."

6. Ang pananakit sa mga Kasamahan ng Sugo (SAS). Sinasaktan din nila ang mga Kasamahan ng Propeta (SAS) at pinagdurusa ang mga ito. Iginagapos nila noon ang ilan sa mga minamaliit na alipin. Ibinibilad nila ang mga ito sa araw at pinalalasap ng sarisaring uri ng pagdurusa. Sinarisari nila ang pananakit kay 'Ammar at sa mga magulang niya. Pinatay nila ang

[17] Ang palayaw ni Abú Jahl.

ina nito. Namatay rin ang ama nito dahil sa tindi ng pagdurusa. Kina-kaladkad nila noon si Khabbáb ibnu al'Art (RA) sa buhok nito at pinipilipit nila ang leeg nang may karahasan. Pinahihiga nila ito sa mga nakapapasong bato. Dinadaganan nila ito ng mabigat na bato. Inaway din nila si 'Umar ibnu alKhattáb (RA) noong yumakap ito sa Islam at tinangka pa nilang patayin ito.

## Ang Sugo sa Táif

Noong nagpumilit ang mga Quraysh sa paniniil nila, sa pag-hahari-harian nila, at sa pananakit nila sa mga Muslim ay naisip ng Propeta (SAS) na pumunta sa Táif nang harinawa si Allah ay magpatnubay sa kanila sa Islam. Ang paglalakbay patungong Táif ay hindi isang madaling bagay sanhi ng kahirapan ng tatahaking daan dahilan sa mga nagtataasang bundok na nakapaligid doon. Subalit gayon pa man ang pagsalubong ng mga naninirahan sa Táif sa Propeta (SAS) at ang tugon nila sa kanya ay pangit. Hindi sila nakinig sa kanya, bagkus ay ipinagtabuyan pa nila siya. Inud-yukan nila ang mga batang paslit nila na hagisan siya ng bato. Kaya pinukol siya ng mga ito ng bato hanggang sa napadugo nila ang mga bukung-bukong niya. Kaya binalikan niya ang mga dina-anan niya pauwi sa Makkah habang siya ay nalulumbay at malung-kot. Dumating si Anghel Gabriel kasama ng anghel ng kabundu-kan. Tinawag siya ni Gabriel at sinabi: "Tunay na si Allah ay nag-padala sa iyo ng anghel ng kabundukan upang pag-utusan mo ito ng anumang niloob mo."

"O Muhammad, kung loloobin mo na itaklob ko sa kanila ang Akhshabán," sabi naman ng anghel ng kabundukan. Ang Akhshabán ay ang dalawang bundok na nakapalibot sa Makkah.

"Bagkus umaasa akong magpapalitaw si Allah mula sa mga supling nila ng mga sasamba kay Allah lamang at hindi magta-tambal ng anuman sa Kanya," sabi niya.

Ito ay bahagi ng sukdulang pagtitiis niya at pagkaawa niya sa mga kapwa niya sa kabila ng natamo niya na matinding pasakit mula sa kanila.

## Ang Pagkabiyak ng Buwan

Kabilang sa kabuuan ng ipinakikipagtalo ng mga Mushrik sa Sugo ni Allah (SAS) ay ang paghiling nila sa kanya ng mga himala upang patunayan ang katumpakan ng mensahe niya. Naulit nga ang kahilingang iyon mula sa kanila nang ilang ulit. Hiniling nila sa kanya minsan na biyakin para sa kanila ang buwan sa dala-wang hati. Kaya hiniling niya iyon sa Panginoon niya at ipina-kita ni Allah sa kanila ang buwan na nahati sa dalawang bahagi. Nakita ng mga Quraysh ang himalang ito nang matagal na sandali subalit sila ay hindi sumampalataya. Sa halip ay nagsabi sila: "Talaga ngang ginaway tayo ni Muhammad."

"Kung nagaway niya kayo, hindi niya makakayang gawayin ang lahat ng mga tao; kaya hintayin ninyo ang mga manlalakbay," sabi ng isang lalaki. Kaya noong dumating ang ilan sa mga nag-lakbay ay tinanong nila ang mga ito.

"Oo. Nakita nga namin iyon," sabi naman ng mga ito.

Ngunit sa kabila niyon ang mga Quraysh ay nagpumilit pa rin sa kawalang-pananampalataya nila.

## Al'Isrá' wa alMi'ráj

Matapos ang paanyaya ng Sugo (SAS) sa Táif at ang nangyari sa kanya roon, matapos na yumao si Abú Tálib at sinundan pa ito ni Khadíjah (RA) at kaalinsabay ng pagtindi ng pamiminsala ng mga Quraysh sa mga Muslim ay nagkatipun-tipon na ang mga alalahanin sa puso ng Propeta (SAS). Kaya naman dumating ang pampalubag-loob para sa marangal na Propetang ito mula sa Panginoon niya. Kaya minsan isang gabi, habang ang Sugo ni Allah (SAS) ay natutulog, pinuntahan siya ni Anghel Gabriel dala si Buráq, isang hayop na nakahahawig ng kabayo, na may dalawang pakpak at mabilis tumakbo na para bagang kidlat. Pina-sakay siya rito ni Anghel Gabriel at dinala siya nito sa Jerusalem sa Palestina. Pagkatapos mula roon ay iniakyat siya sa langit at nakakita ng maraming bagay mula sa mga tanda ng Panginoon niya. Sa langit isinatungkulin ni Allah sa kanya ang limang saláh. Bumalik siya nang gabi ring iyon sa Makkah, na panatag ang isip at matatag ang katiyakan. Hinggil doon ay nagsasabi si Allah (17:1): **Kaluwalhatian sa Kanya na nagdala sa lingkod Niya isang gabi mula sa alMasjid alHarám patungo sa alMasjid al'Aqsá, na pinagpala Namin ang palibot nito, upang mag-pakita Kami sa kanya ng ilan sa mga tanda Namin. Tunay na Siya ay ang Nakaririnig, ang Nakakikita.**

Noong nag-umaga ay pumunta siya sa Ka‘bah at nagsimulang isalaysay sa mga tao ang nangyari sa kanya. Kaya tumindi ang pagpapasinungaling sa kanya ng mga Káfir at ang panunuya nila sa kanya. Pagkatapos ay hiniling sa kanya ng ilan sa mga naro-roon na ilarawan sa kanila ang Jerusalem. Iyon ay upang pabula-anan. Nagsimula siyang maglarawan nito nang bahagi sa bahagi. Hindi nagkasya ang mga Mushrik sa mga pagtatanong na ito bag-kus ay nagsabi pa sila: “Nagnanais kami ng isa pang patunay.” Kaya nagsabi ang Sugo (SAS): “Talaga ngang may nasalubong ako sa daan na isang karaban na papunta sa dakong Makkah.” Inilarawan niya ito sa kanila. Ibinalita niya sa kanila ang bilang ng mga kamelyo nito at ang oras ng pagdating nito. Nagsabi ng totoo ang Sugo ni Allah (SAS) subalit ang mga Káfir ay nagpa-tuloy sa kawalang-pananampalataya nila, pagmamatigas nila, at hindi paniniwala.

Kinaumagahan din ng araw ng *al’Isrá’ wa alMi‘ráj* ay duma-ting si Anghel Gabriel at itinuro nito sa Sugo (SAS) ang pama-maran ng pagsasagawa ng limang saláh at ang mga takdang oras ng mga ito. Ang saláh, bago niyon, ay binubuo ng dalawang rak‘ah sa umaga at dalawang rak‘ah sa gabi.

## Ang Pag-anyaya sa mga Taga-Madínah

Sa mga panahong iyon, nilimitahan ng Sugo ni Allah (SAS) ang paanyaya niya sa mga dumadating sa Makkah matapos na nanatili ang mga Quraysh sa pag-

ayaw sa katotohanan. Nakiki-pagkita ang Sugo (SAS) sa kanila sa mga tinitigilan nila at sa mga pook na tinutuluyan nila. Inilahad niya sa kanila ang Islam at ipi-naliliwanag niya ito sa kanila. Ang amain niyang si Abú Lahab ay bumubuntot sa kanya at nagbibigay-babala sa mga tao laban sa kanya at laban sa ipinangangaral niya. Minsan ay pumunta siya sa isang pangkat ng mga mamamayan ng Madínah at inanyayahan niya sila sa Islam. Nakinig sila sa kanya at pagkatapos ay nagka-isa silang sumunod sa kanya at maniwala sa kanya. Nakaririnig na noon ang mga mamamayan ng Madínah sa mga Hudyo na may isang propetang nasaad ang paglalarawan dito sa mga kasulatan nila, na nalalapit na ang panahon ng pagdating nito. Kaya noong inanyayahan niya sila, nakilala nila na siya ang propetang tinutu-koy ng mga Hudyo. Kaya naman nagdali-dali sila sa pagyakap sa Islam. Sinabi nila: “Huwag kayong magpauna sa mga Hudyo doon.” Sila ay anim na katao.

Nang sumunod na taon ay may dumating mula sa Madínah na labindalawang lalaki. Nakipagkita sila sa Sugo ni Allah (SAS) at itinuro niya sa kanila ang Islam. Noong bumalik sila sa Madínah ay ipinadala niya kasama nila si Mus‘ab ibnu ‘Umayr (RA) upang ituro sa kanila ang Qur’an at linawin sa kanila ang mga panun-tunan ng Islam. Nakaya naman ni Mus‘ab ibnu ‘Umayr (RA), dahil sa pagpapatnubay ni Allah, na makaimpluwensiya sa lipunan ng Madínah. Kaya noong bumalik si Mus‘ab (RA) sa Makkah pagkalipas ng isang taon, may kasama na siyang 72 lalaki at dala-wang babae mula sa mga

mamamayan ng Madínah. Nakipagkita sa kanila ang Sugo (SAS) at nakipagkasundo sila sa kanya sa pagtulong sa Islam at pagtupad sa kautusan nito. Pagkatapos ay bumalik sila sa Madínah.

## Ang Bagong Himpilan ng Pag-aanyaya sa Islam

Ang Madínah ay naging isang ligtas na kanlungan para sa katotohanan at mga tagapagtaguyod nito. Kaya nagsimula na ang paglikas doon ng mga Muslim. Gayon pa man, ang mga Quraysh ay nagpasya na pigilan ang mga Muslim sa paglikas. Kaya naka-tagpo ang ilan sa mga Muhájir[18] ng sari-saring uri ng pasakit at pahirap. Ang mga Muslim ay lumilikas nang palihim sa takot sa mga Quraysh. Si Abú Bakr asSiddíq (RA) naman ay nagpaalam sa Sugo ni Allah (SAS) para lumikas na rin ngunit sinasabi nito sa kanya: ***"Huwag kang magmadali; harinawa si Allah ay mag-talaga para sa iyo ng isang kasamahan."*** Ito ay hanggang sa nakalikas ang karamihan sa mga Muslim.

Naglaho ang katinuan ng mga Quraysh noong nakita nila ang paglikas ng mga Muslim at ang pagtitipon nila sa Madínah. Nangamba sila sa pagtaas ng katanyagan ni Muhammad (SAS) at ng pangangaral niya kaya nagsanggunian sila hinggil sa bagay na iyon. Pagkatapos ay napagkasunduan nilang patayin ang Sugo (SAS).

---

[18] Ang mga Muslim na lumikas sa Madínah mula sa Makkah.

“Minamabuti kong bigyan natin ng isang tabak sa isang mati-punong binata mula sa bawat lipi. Palilibutan nila si Muhammad (SAS) at tatagain nila ito ng sabay-sabay nang sa gayon ay magka-hati-hati ang pananagutan sa buhay niya sa mga lipi. Hindi mag-kakalakas ng loob ang angkan ng Háshim, matapos nito, na kala-banin ang lahat ng mga tao,” sabi ni Abú Jahl.

Talagang ipinabatid na ni Allah, kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya, sa marangal na Propeta Niya (SAS) ang sabwatan. Kaya nakiisa siya kay Abú Bakr (RA) na lumikas, matapos na ipinahintulot sa kanya ni Allah iyon. Kinagabihan, hiniling ng Propeta kay ‘Alíy ibnu Abí Tálib (RA) na matulog ito sa higaan niya upang akalain ng mga tao na siya ay nasa bahay pa rin.

Dumating ang mga nakipagsabwatan. Pinaligiran nila ang bahay. Nakita nila si ‘Alíy (RA) sa higaan kaya inakala nilang ito ay si Muhammad (SAS). Nagsimula silang maghintay sa pagla-bas niya upang tapusin na siya at patayin. Lumabas ang Sugo (SAS) sa gitna nila samantalang sila ay nakapaligid sa bahay. Nagsaboy siya ng alikabok sa mga ulo nila. Inalis ni Allah ang mga paningin nila kaya hindi nila siya namalayan. Nagpunta siya kay Abú Bakr (RA). Lumabas silang magkasama patungo sa Madínah at nagkubli sa yungib ng Thawr.

Tungkol naman sa mga Quraysh, nanatili ang mga kabinataan nila na mga naghihintay hanggang sa mag-umaga. Noong nag-umaga na ay bumangon si Alíy sa higaan ng Sugo ni Allah (SAS) at nahulog ito sa mga kamay nila. Tinanong nila ito tungkol sa Sugo ni Allah

(SAS) ngunit hindi ito nagbalita sa kanila ng anuman kaya binugbog nila ito, kinaladkad nila ito, at sinaktan nila ito.

Pagkatapos niyon ay nagpadala ang mga Quraysh ng tagaha-nap sa bawat dako. Naglaan ng gantimpalang isandaang inahing kamelyo para sa sinumang makapagdadala kay Propeta Muhammad (SAS) buhay man o patay. Umabot ang paghahanap sa bukana ng yungib na pinagkukublihan ng Propeta (SAS) at Kasamahan niya, anupa't kung sakaling ang isa sa kanila ay tumingin sa mga paa nito ay talagang nakita na sana nito ang dalawa. Tumindi ang lungkot ni Abú Bakr (RA) para sa Sugo ni Allah (SAS) kaya nag-sabi siya rito: ***"Ano ang palagay mo, Abú Bakr, sa dalawa na si Allah ang ikatlo sa kanila? Huwag kang malungkot; tunay na si Allah ay kasama natin."*** Subalit ang mga naghahanap ay hindi nakakita sa kanila.

Nanatili ang Propeta at ang Kasamahan niya sa yungib nang tatlong araw. Pagkatapos ay lumisan sila patungong Madínah. Ang daan ay mahaba at ang araw ay nakapapaso. Sa gabi ng ikalawang araw ay naparaan sila sa isang kubol ng isang babaing sinasabing si Umm Ma'bad. Humiling sila rito ng makakain at maiinom ngunit wala silang natagpuang anuman dito kundi isang payat na inahing tupa na pinigilan ng kahinaan sa pagpunta sa pastulan. Wala nang isang patak na gatas iyon. Nilapitan iyon ng Sugo ni Allah (SAS), sinalat ang utong niyon, at dumaloy ang gatas. Pagkatapos ay gina-tasan niya iyon. Napuno ang isang malaking lalagyan kaya napa-tayo si Umm Ma'bad na takang-taka sa nakita nito. Pagkatapos

ay uminom ang lahat hanggang sa mabusog. Pagkatapos ay muli niyang ginatasan ang tupa at napuno na naman ang lalagyan. Iniwan niya ito kay Umm Ma'bad at nagpatuloy siya sa paglalakad niya.

## Ang Pagdating sa Madínah[19]

Ang mga mamamayan ng Madínah ay nag-aabang na sa pag-dating ng Propeta (SAS) at naghihintay sa kanya araw-araw sa labas ng Madínah. Kaya noong araw ng pagdating niya ay luma-pit sila sa kanya na mga masayang sumasalubong. Nanuluyan siya sa Qubá' sa mataas na bahagi ng Madínah. Tumigil siya roon nang apat na araw. Itinayo niya ang panulukan ng masjid ng Qubá', ang kauna-unahang masjid na itinayo sa Islam.

Sa ikalimang araw ay humayo siya patungong Madínah. Tinangka ng marami sa mga An<u>s</u>árí[20] na maanyayahan ang Sugo ni Allah (SAS) at maparangalan sa pagtanggap sa kanya bilang panauhin sa piling nila. Hinahawakan nila ang renda ng inahing kamelyo niya kaya nagpasalamat siya sa kanila at nagsabi: ***"Ha-yaan ninyo ito sapagkat ito ay napag-utusan na."*** Kaya nang nakarating na ang inahing kamelyo sa kung saan napag-utusan ito ni Allah ay lumuhod ito. Ngunit hindi siya bumaba kaya tumayo ito at naglakad nang kaunti. Pagkatapos ay lumingon ito, bumalik, at lumuhod sa unang niluhuran nito kaya naman bumaba na siya mula rito.

---

[19] Ang Madínah o Lungsod (ng Propeta) ay tinatawag noon na Yathrib noong hindi pa nakatira roon ang Propeta (SAS).
[20] Ang Muslim na taga-Madinah na tumulong sa Propeta (SAS).

Iyon ang kinalagyan ng Masjid ng Propeta. Nanuluyan ang Propeta (SAS) kay Abú Ayyúb al'Ansáríy (RA).

Tungkol naman kay 'Alíy ibnu Abí Tálib, nanatili pa ito nang tatlong araw sa Makkah matapos na umalis ang Propeta (SAS). Ibinalik niya nang mga panahong iyon ang mga ipinagkatiwala na nasa pag-iingat ng Propeta (SAS) sa mga may-ari ng mga ito. Pagkatapos niyon ay lumisan ito papuntang Madínah. Naabutan nito ang Propeta (SAS) sa Qubá'.

## Ang Propeta sa Madínah

Ipinatayo ng Sugo (SAS) ang Masjid niya sa pook na niluhuran ng inahing kamelyo niya matapos na mabili niya ito sa mga may-ari nito. Itinatag niya ang kapatiran sa pagitan ng mga Muhájir, ang mga Kasamahan niya na dumating mula sa Makkah, at mga Ansárí, ang mga tumulong sa kanila na kabilang sa mga mama-mayan ng Madínah. Ginawan niya ang bawat isa sa mga Ansáríy ng isang kapatid mula sa mga Muhájir na makikibahagi sa kanya sa pag-aari niya. Nagsimula ang mga Muhájir at ang mga Ansárí na magkasamang gumawa. Nadagdagan ang tibay ng mga bigkis ng pagkakapatiran sa pagitan nila.

Nagsimula ang Islam sa paglaganap sa Madínah. Yumakap sa Islam ang ilan sa mga Hudyo. Isa sa mga yumakap sa Islam na kabilang sa kanila ay si 'Abdulláh ibnu Salám (RA). Siya ay isa sa mga pantas ng mga Hudyo at isang pinunong kabilang sa mga malaking pinuno nila.

Hindi tumigil ang mga Káfir ng Makkah sa pakikidigma sa mga Muslim kahit pa matapos na nakalikas ang mga ito mula sa Makkah yamang ang mga Quraysh ay may ugnayan sa mga Hudyo ng Madínah. Tinatangka ng mga Hudyo sa pamamagitan ng mga Quraysh na magbunsod ng mga kaguluhan at pagkakahati-hati sa pagitan ng mga Muslim sa Madínah. Ang mga Quraysh din ay nagbabanta sa mga Muslim at binabalaan silang lilipulin. Ganito pinaligiran ng panganib ang mga Muslim, sa loob at sa labas anupa't ang mga Kasamahan ng Sugo (SAS) ay hindi nagpapagabi kung wala silang dalang sandata. Sa mga matinding kalagayang ito ay ibinaba ni Allah ang pahintulot na makipaglaban. Kaya nagsimula ang Sugo (SAS) sa paghahanda ng mga misyong pangmilitar. Ito ay para sa pagmamanman sa mga pagkilos ng mga kaaway at gayon din para sa pagharang sa mga karabang pangkalakal ng mga Quraysh upang pangambahin sila at magpadama sa kanila ng lakas ng mga Muslim nang sa gayon ay makipagkapayapaan sila at hayaan ang mga Muslim na malayang ipalaganap ang Islam at ipamuhay ito. Gumawa rin ang Sugo (SAS) ng ilang kasunduan at pakikipag-alyansa sa ilan sa mga lipi.

## Ang Labanan sa Badr

Ang mga Mushrik ng Makkah ay nanggipit sa mga Muslim at naminsala sa kanila hanggang sa napilitan silang lumikas mula sa bayan nila, ang Makkah. Iniwan nila ang mga tirahan nila, ang mga ari-arian nila, at mga mag-anak

nila. Ang mga ari-arian nila ay napunta sa mga kamay ng mga Mushrik. Isang araw ay gumawa ang Sugo (SAS) ng pasya na harangin ang isa sa mga karabang pangkalakal ng mga Quraysh na dumarating mula sa Shám. Humayo siya kasama ng 313 kalalakihan. Wala silang dala kundi dalawang kabayo at 70 kamelyo lamang. Ang karaban ng mga Quraysh ay binubuo ng 1,000 kamelyo. Ito ay pinamumunuan ni Abú Sufyán na may kasamang 40 tao. Subalit nalaman ni Abú Sufyán ang paghayo ng mga Muslim kaya nag-padala siya sa Makkah ng tao upang ibalita sa mga iyon ang nangyayari at humi-ling sa kanila ng ayuda. Binago niya ang daan niya at pumunta siya sa ibang daan kaya hindi sila nasumpungan ng mga Muslim.

Tungkol naman sa mga Quraysh, humayo sila na may dalang isang hukbong binubuo ng 1,000 mandirigma ngunit may nakara-ting sa kanila na isang sugo mula kay Abú Sufyán. Ibinalita nito sa kanila na ligtas na ang karaban. Hiniling nito sa kanila na buma-lik na sa Makkah ngunit tumanggi si Abú Jahl na bumalik at ipinag-patuloy nila ang pagsulong.

Noong nalaman ng Sugo (SAS) ang paghayo ng mga Quraysh ay sinangguni niya ang mga Kasamahan niya (RA). Napagkasun-duan ng lahat na makipagtagpo at makipaglaban sa mga Káfir. Sa umaga ng ika-17 ng Ramadán ng ikalawang taon ng paglikas ay nagharap ang dalawang pangkat at naglabanan sila nang matin-ding labanan. Nagtapos ang labanan sa pagwawagi ng mga Muslim. Namatayan sila ng 14 martir. Tungkol naman sa

mga Mushrik, namatayan ang mga ito ng 70 lalaki at nabihagan ng 70 iba pa.

Sa kalagitnaan ng labanan ay yumao si Ruqayyah (RA) na anak ng Sugo (SAS) at maybahay ni ‘Uthmán ibnu ‘Affán (RA) na nanatili sa piling nito sa Madinah. Hindi sumama si ‘Uthmán (RA) sa labanang iyon alinsunod sa hiling ng Sugo (SAS) sa kanya na manatili sa piling ng maysakit na maybahay niya. Pagkatapos ng labanan ay ipinakasal ng Sugo (SAS) kay ‘Uthmán (RA) ang ikalawang anak niya na si Umm Kulthúm (RA). Dahil dito, siya ay tinagurian na *Dhunnúrayn* (ang may dalawang liwanag) dahil napangasawa niya ang dalawa sa mga anak ng Sugo (SAS).

Bumalik sa Madinah ang mga Muslim na masaya sa pagpa-pawagi ni Allah at kasama nila ang mga bihag at ang mga nasam-sam na ari-arian. Tungkol naman sa mga bihag, mayroon sa mga ito na tumubos sa sarili, mayroon sa mga ito na pinalaya nang walang pantubos, at mayroon din sa mga ito na ang pantubos ay ang pag-tuturo ng pagbasa at pagsulat sa sampu sa mga anak ng mga Muslim.

Napatay sa labanang ito ang marami sa magigiting na lingkod ng Shirk at mga kaaway ng Islam, na ang nangunguna sa kanila ay sina Abú Jahl, Umayyah ibnu Khalaf, ‘Utbah ibnu Rabí‘ah, Shaybah ibnu Rabí‘ah, at iba pa.

## Ang Pagtatangkang Pagpatay sa Propeta (SAS)

Matapos ang pagkakagapi ng mga Quraysh ay nakipagpulong si ‘Umayr ibnu Wahb kay Safwán ibnu Umayyah. Si ‘Umayr ibnu Wahb noon ay isa sa mga demonyo ng mga Quraysh, na kabi-lang sa mga matindi ang pamiminsala sa Sugo ni Allah (SAS) at mga Kasamahan nito. Ang anak niyang si Wahb ay naging bihag sa kamay ng mga Muslim, kabilang sa mga bihag sa labanan sa Badr.

Naalaala ni Safwán ang mga patay nila at nagsabi: “Sumpa man kay Allah, wala nang mabuti sa buhay matapos nila.”

“Totoo ang sabi mo. Samantala, sumpa man kay Allah, kung hindi lamang dahil sa isang pagkakautang na taglay ko na wala akong pambayad doon at isang mag-anak na kinatatakutan ko sa kanila ang pagkapariwara kapag wala na ako ay talagang lumulan na sana ako patungo kay Muhammad upang patayin ko siya,” sabi nama ni ‘Umayr.

Sinamantala ito ni Safwán ibnu Umayyah at sinabi: “Sasagu-tin ko ang pagkakautang mo. Ako ang magbabayad niyon para sa iyo. Ang mag-anak mo ay kasama ng mag-anak ko. Kakandiliin ko sila habang nanatili silang buhay.” Kaya nagsabi naman sa kanya si ‘Umayr: “Ilihim mo ito sa pagitan nating dalawa.” Nag-sabi naman ito: “Gagawin ko.”

Pagkatapos ay pumunta si ‘Umayr sa tabak niya at hinasa niya ito sa lason. Pagkatapos ay lumisan siya hanggang sa dumating sa Madínah. Habang si ‘Umar ay

nasa isang umpukan ng mga Muslim na nag-uusap, walang anu-ano ay nakita niya si ‘Umayr ibnu Wahb, noong naihimpil na nito ang kamelyo nito sa tabi ng pintuan ng masjid, na nakasukbit ang tabak.

“Narito ang kaaway ni Allah, si ‘Umayr ibnu Wahb. Hindi siya naparito kung hindi para sa masama,” sabi ni ‘Umar.

Pagkatapos ay pumunta si ‘Umar sa Sugo ni Allah (SAS) at nagsabi: “O Propeta ni Allah, narito ang kaaway ni Allah, si ‘Umayr ibnu Wahb. Dumating siya na nakasukbit ang tabak niya.”

“Kaya papasukin mo siya sa akin,” sabi ng Sugo (SAS).

Pinapasok niya ito sa kinaroroonan ng Sugo ni Allah (SAS). Kaya noong nakita ito ng Sugo ni Allah (SAS) samantalang si ‘Umar ay nakahawak rito ay nagsabi siya: “Bitiwan mo siya, ‘Umar. Lumapit ka ‘Umayr.” Lumapit ito at pagkatapos ay nagsabi ang Sugo (SAS): “Ano ang nagdala sa iyo ‘Umayr?”

“Naparito ako para sa bihag na nasa mga kamay ninyo. Mag-magandang-loob kayo sa kanya,” sabi nito.

“At ano naman ang kinalaman ng tabak sa leeg mo?” sabi ng Sugo (SAS).

“Papangitin nawa ito ni Allah sa mga tabak at may magagawa bang anuman ang mga ito!” sabi nito.

“Magtapat ka sa akin. Ano ang ipinunta mo?” sabi niya.

“Wala akong ipinunta kundi dahil doon,” sabi nito.

"Bagkus ay umupo ka kasama ni Safwán ibnu Umayyah at binanggit ninyo ang pagpatay sa akin sa Badr. Pagkatapos ay sinabi mo pa: 'Kung hindi lamang dahil sa isang pagkakautang na taglay ko at isang mag-anak na mayroon ako ay talagang humayo na sana ako hanggang sa mapatay ko si Muhammad.' Kaya naman naibuyo ka ni Safwán ibnu 'Umayyah dahil sa pagkakautang mo at mag-anak mo na patayin mo ako para sa kanya. Si Allah ay hahadlang sa iyo at sa pakay na iyon," sabi niya.

"Sumasaksi ako na ikaw ay Sugo ni Allah. Kami nga noon, o Sugo ni Allah, ay nagpapasinungaling sa iyo sa anumang dina-dala mo sa amin na balita ng langit at anumang bumababa sa iyo na kapahayagan. Ito ay isang pangyayaring walang nakadalo kundi ako at si Safwán. Kaya sumpa man kay Allah, tunay na ako ay talagang nakaaalam na walang nagpabatid niyon sa iyo kundi si Allah. Kaya ang papuri ay ukol kay Allah na nagpatnubay sa akin sa Islam at umakay sa akin sa aking pagkaakay na ito," sabi niya at pagkatapos ay sumaksi siya ng pagsaksi sa katotohanan.

"Bigyan ninyo ang kapatid ninyo ng pagkaunawa sa Relihiyon niya, turuan ninyo siya ng Qur'an, at palayain ninyo ang bihag [na pakay] niya," sabi ang Sugo ni Allah (SAS) at ginawa naman nila.

"O Sugo ni Allah, tunay na ako noon ay masikap sa pakiki-digma sa Islam, matindi sa pamiminsala sa sinumang nasa Reli-hiyong mula kay Allah. Ako ay nagnanais na pahintulutan mo ako at pupunta ako sa Makkah at aanyayahan ko sila kay Allah, sa Sugo Niya, at

sa Islam nang harinawa si Allah ay magpatnubay sa kanila," sabi ni 'Umayr.

Pinahintulutan siya ng Sugo ni Allah (SAS) kaya bumalik siya sa Makkah.

Si Safwán, nang umalis si 'Umayr ibnu Wahb, ay nagsasabi sa mga tao: "Magalak kayo sa isang pangyayaring magpapalimot sa inyo sa nangyari sa Badr." Tinatanong niya ang mga naglalakbay tungkol kay 'Umayr hanggang sa may dumating na isang nagla-lakbay at ibinalita nito sa kanya na yumakap sa Islam si 'Umayr. Kaya naman sumumpa siya na hindi na niya kakausapin ito mag-pakailanman at hindi siya magdudulot dito ng anumang kapakina-bangan magpakailanman. Noong dumating si 'Umayr sa Makkah ay nanatili ito roon. Nag-anyaya ito sa Islam at yumakap sa Islam sa mga kamay niya ang maraming tao.

## Ang Iba Pang Pangyayari

Sa isa pang pangyayari, samantalang ang Sugo ni Allah (SAS) ay pauwi mula sa isang paglalakbay kasama ng mga Kasamahan niya, tumuloy sila sa isang lambak. Naghiwa-hiwalay ang mga tao upang sumilong sa mga punong-kahoy at matulog. Tumuloy ang Sugo ni Allah (SAS) sa ilalim ng isang punong-kahoy at nahiga sa lilim nito. Isinabit niya ang tabak niya sa isa sa mga sanga nito. Samantalang siya ay natutulog walang anu-ano ay may nakapuslit sa kanya na isang lalaking kabilang sa mga Mushrik na sumusunod sa kanila. Lumapit ito sa Propeta (SAS) hanggang na tumigil ito sa tabi ng ulo niya habang

siya ay natutulog. Pagkatapos ay kinuha nito ang tabak ng Sugo (SAS) at hinugot iyon sa kaluban niyon. Pagkatapos ay iniamba niya iyon sa ulo ng Propeta (SAS) at sinabi: "O Muhammad, sino ang magsasanggalang sa iyo laban sa akin?" Idinilat ng Propeta (SAS) ang mga mata niya habang ang lalaki ay nakahawak ng tabak at nagsabi siya nang mahinahon: "Si Allah." Napaurong ang lalaki at nalaglag ang tabak mula sa kamay nito. Bumangon ang Sugo (SAS) at pinulot ang tabak iniamba iyon at nagsabi sa lalaki: "Sino ang magsasanggalang sa iyo laban sa akin?" Nalito ang lalaki kung ano ang sasabihin nito kaya sinabi nito: "Walang isa man." Pinagpaumanhinan ito ng Sugo (SAS) at yuma-kap ito sa Islam. Pagkatapos pumunta siya sa mga kababayan niya at inanyayahan sila sa Islam.

## Ang Labanan sa Uhud

Naganap ang labanang ito sa pagitan ng mga Muslim at mga Káfir ng Makkah matapos ang isang taon noong naganap ang pagsalakay sa Badr kung saan nagpasya ang mga Mushrik na maghiganti sa mga Muslim matapos ang pagkagapi nila sa laba-nan sa Badr. Humayo sila kasama ng 3,000 mandirigma at hinarap sila ng mga Muslim na humigit-kumulang 700 lalaki. Nagwagi na ang mga Muslim sa unang pagkakataon. Nanaig sila sa mga Káfir. Lumisan ang mga Mushrik na tumatakas patungong Makkah. Subalit bumalik muli sila at napuksa nila ang mga Muslim sa gawing bundok matapos na iniwan ng mga tagapana ang plano na iginuhit para sa kanila ng Sugo ni Allah (SAS). Bumaba

sila mula sa tuktok ng bundok upang tipunin ang mga samsam ng digmaan nang nakita nila na tumakas na ang mga Mushrik kaya nakalamang ang mga Mushrik sa labanang ito. Namatayan ang mga Muslim sa labanang ito ng 70 lalaki na ang isa sa kanila ay si Hamzah, ang amain ng Propeta (SAS). Namatayan ang mga Mushrik ng 22 lalaki.

## Ang Pagsalakay sa Khandaq

Matapos ang labanan sa Uhud, may pumunta na isang pangkat ng mga Hudyo sa mga mamamayan ng Makkah. Inudyukan nila ang mga ito na salakayin ang mga Muslim sa Madínah. Nangako sila sa mga ito ng pagtulong at pag-alalay. Kaya naman tinugon sila ng mga ito. Pagkatapos ay inudyukan naman ng mga Hudyo ang ibang mga lipi na salakayin ang mga Muslim. Tinugon sila ng mga ito ng gayon din. Kaya nagsimula ang mga Mushrik sa pagsulong patungo sa Madínah mula sa lahat ng pook hanggang sa nagkatipon sa paligid nito ang humigit-kumulang sa 10,000 mandirigma.

Nalaman na ng Sugo (SAS) ang mga pagkilos ng mga kaaway kaya sinangguni niya ang mga Kasamahan niya hinggil sa bagay na iyon. Nagmungkahi sa kanya si Salmán alFarsíy (RA) na humu-kay ng bambang sa palibot ng Madínah sa dakong walang mga bundok. Nakilahok ang mga Muslim sa paghuhukay ng bambang hanggang sa natapos nang mabilis. Nanatili ang mga Mushrik na nakakampo sa labas ng Madínah sa loob ng humigit-kumulang isang buwan. Hindi nila makayang makalusot

sa bambang. Pag-katapos ay nagpadala si Allah sa mga Káfir ng isang malakas na hangin na bumuwal sa mga kubol nila. Kaya dinapuan sila ng pangamba at lumisan nang mabilis pabalik sa mga bayan nila. Ginapi ni Allah nang mag-isa ang mga magkakampi at pinagwagi Niya ang mga Muslim. Binalitaan ng Sugo (SAS) ang mga Kasa-mahan niya matapos na lumisan ang mga hukbo ng mga Mushrik. Sinabi niya: "Hindi kayo sasalakayin ng mga Quraysh matapos ang taon ninyong ito subalit sasalakayin ninyo sila." Nagkatotoo ang sabi ng Sugo (SAS) sapagkat ang pagsalakay na iyon ay huling gawaing paglusob para sa mga Quraysh.

Sa mga sandali ng paghuhukay ng bambang ay dinapuan ang mga Muslim ng isang matinding kagutom hanggang sa nagtatali na sila ng mga bato sa mga tiyan nila dahil sa tindi ng gutom. Ngunit ninais ni Jábir ibnu 'Abdilláh (RA) na magkaloob sa Pro-peta (SAS) ng isang bagay na maipangtatawid sa gutom nito. Kaya naman nagkatay siya ng isang maliit na bisirong kambing na nasa kanya. Hiniling niya sa maybahay niya na iluto ang karne at mag-masa kalahok nito ng kaunting harinang gawa sa trigo na walang nakapagmay-aring iba pa sa kanya. Noong nailuto ang pagkain ay pumunta siya sa Propeta (SAS) at ibinalita rito na siya ay naka-paghanda para rito ng pagkaing sasapat sa kanya at sa isang lalaki o dalawang lalaking kasama nito. Kaya nagsabi ang Propeta (SAS): "Marami, kaaya-aya," at inanyayahan nito ang mga naghuhukay ng bambang. Sinandukan nito sila ng karne at binahaginan nito sila ng tinapay. Kumain sila hanggang

sa nabusog. Natira ang pag-kain na para bagang hindi ito nasaling. Sila ay humigit-kumulang sa 1,000 lalaki. Ito ay isa sa mga himala ng Sugo (SAS).

## Ang Kasunduang Pangkapayapaan ng Hudaybíyah

Ang mga Káfir ng Makkah ay nagtika, magmula ng lumikas ang Sugo (SAS) at ang mga Muslim kasama niya sa Madínah, na hadlangan ang mga ito sa pagpasok sa Makkah at sa pagdalaw sa alMasjid alHarám. Subalit sa ikaanim na taon ng paglikas ay nagpasya ang Sugo ni Allah (SAS) na pupunta siya at ang mga Kasamahan niya sa Makkah. Pinili niya ang pagpunta sa buwan ng Dhulqa‘dah, na isa sa mga banal na buwan na dinadakila ng iba pang mga Arabe. Umalis siya upang magsagawa ng ‘umrah. Hindi siya nagnanais ng isang digmaan. Ang bilang ng mga Muslim ay 2,400. Pumunta sila suot ang mga kasuutan ng ihrám at nagdala sila ng mga alay na hayop. Nagsagawa sila ng ihrám ng ‘umrah upang malaman ng mga tao na sila ay pupunta lamang upang duma-law sa Bahay ni Allah bilang pagdakila roon at nang sa gayon ay hindi mag-isip ang mga Quraysh na hadlangan sila sa Makkah. Sila ay walang mga sandata maliban pa sa dinadala ng bawat naglalakbay at iyon ay isang tabak na nakasuksok sa bain nito.

Sumakay ang Sugo sa (SAS) sa inahing kamelyo niya na si Qaswá’ kasama ng mga Kasamahan niya sa likuran niya. Noong dumating sila sa Dhulhulayfah, ang míqát ng mga mamamayan ng Madínah, ay nagsagawa ng ihrám

ang lahat at umalingawngaw ang tinig nila sa pagsambit ng talbiyah bilang pagpapahayag ng ‘umrah. Iyon ay isang karapatang ukol sa kanila sapagkat tunay na ang pagdalaw sa Bahay ni Allah ay isa sa karapatan ng lahat ng Arabe. Walang karapatan ang mga Quraysh ayon sa patakaran ng pangkalahatang kalakaran na humadlang sa isang tao sa pagdalaw nito at pagsasagawa nito ng tawáf kahit pa man siya isang kaaway kapag isinasaalang-alang naman niya ang kabanalan ng Bahay ni Allah.

Subalit ang mga Quraysh ay nagsimula sa paghahanda para sa digmaan dahil lamang sa pagkakaalam nila na mga Muslim ay magsasadya sa Makkah at pinagtibay nila ang layuning hadlangan ang Propeta (SAS) sa pagpasok sa Makkah maging anuman ang idudulot niyon sa kanila. Ganito, ang paninindigang ito ng mga Quraysh ay isang patunay sa pagmamatigas nila at pagpupumilit nila sa pangangaway sa mga Muslim at pagkakait sa mga ito ng mga karapatan ng mga ito.

Nagpatuloy ang karaban ng Propeta (SAS) hanggan sa naging malapit na sa Makkah ngunit ang mga Quraysh ay nagpumilit sa pagpigil sa Sugo (SAS) at mga Kasamahan niya sa pagpasok sa Makkah at pagsasagawa ng tawáf sa Banal na Bahay ni Allah. Pinakilos ang mga tagapamagitan upang makipag-unawaan kay Muhammad (SAS) nang harinawa sila ay humantong kasama niya sa isang kasunduan. Naulit-ulit ang mga pagpapalitan ng mga lupong kinatawan sa pagitan ng dalawang pangkat. May sumugod na 40 kabinataan ng mga Quraysh at tinangka nilang gulatin ang kampo ng mga Muslim nang

harinawa ay makapatay sila ng isa sa mga Kasamahan ng Sugo ni Allah (SAS). Ngunit napigilan silang lahat ng mga Muslim at dinala sila ng mga ito sa Sugo ni Allah (SAS). Nagpaumanhin siya sa kanila at pinalaya niya sila.

Pagkatapos ay isinugo ng Sugo ni Allah (SAS) si ‘Uthmán ibnu ‘Affán (RA) sa mga maharlika ng mga Quraysh upang ibalita sa kanila na siya ay hindi dumating para sa digmaan, na siya ay dumating bilang isang dumadalaw sa Bahay ni Allah, dumadakila sa kabanalan nito. Naunsyami ang mga pakikipag-unawaan sa pagitan ni ‘Uthmán (RA) at ng mga Quraysh. Pinigilan ng mga Quraysh si ‘Uthmán sa kanila at nagpakalat sila ng tsismis na ito ay pinatay. Kaya naman nagsabi ang Sugo (SAS) noong nakara-ting sa kanya iyon: “Hindi tayo lilisan hanggang sa makalaban natin ang mga taong [iyon].” Inanyayahan niya ang mga tao sa pagsasagawa ng pangako ng katapatan at itinapik niya ang isa mga kamay niya sa isa pa. Tinawag ang pangako ng katapatan na ito na Bay‘ah arRidwán[21] na isinagawa sa ilalim ng punong-kahoy. Doon nangako ng katapatan sa Sugo (SAS) ang mga Kasamahan niya na hindi sila lilisan sa kinalalagyan nila hanggang sa naki-paglaban sila sa mga Mushrik nang hindi tumatakas kapag may nangyaring masama kay ‘Uthmán (RA). Pagkatapos ay dumating sa Sugo ni Allah (SAS) ang balita na si ‘Uthmán ay nasa mabu-ting kalagayan at na siya ay hindi napatay.

[21] Pangako ng katapatan ayon sa pagkalugod.

Nagmadali ang mga Quraysh noong nalaman nila ang pagpa-pahayag ng pangako ng katapatan ng mga Muslim sa Sugo (SAS) sa pakikipaglaban. Kaya ipinadala ng mga Quraysh si Suhayl ibnu ‘Amr upang magsagawa sa Sugo (SAS) ng isang kasunduang pang-kapayapaan sa kundisyong uuwi sa Madínah ang mga Muslim sa taong ito at babalik sa Makkah pagkatapos niyon kapag niloob nila.

Naisagawa ang kasunduang pangkapayapaan at tinanggap ng Sugo (SAS) ang mga kundisyon ng kasundaang pangkapayapaan na sa panlabas na anyo nito ay sa kapakanan ng mga Quraysh. Nagalit ang mga Muslim sa kasunduang pangkapayaan na ito sapagkat lumitaw sa mga mata nila na ang mga kundisyon ay hindi makatarungan at na ito ay sa kapakanan ng mga Mushrik kaya nga lamang ang Sugo (SAS) ay nagnanais ng kasunduang pangkapayapaan dahil siya ay nakaaalam na ang Islam, kapag ipi-nalaganap sa katiwasayan at kapayapaan, ay papasok ang marami sa mga tao sa Islam. Ito ang nangyari sapagkat lumaganap nang malakihan ang Islam sa loob ng panahon ng pansamantalang kapa-yapaan sa pagitan ng mga tao.

Bagkus ang pansamantalang kapayapaan na iyon sa pagitan ng mga Muslim at mga Quraysh ay isang malaking tagumpay para sa Islam at mga Muslim at isang patunay na ang Sugo (SAS) ay tumitingin sa pamamagitan ng liwanag ni Allah at siya ay tuma-tanggap ng bawat kundisyong kabilang sa mga kundisyong itinu-turing ng

ilan sa mga Kasamahan niya (RA) na sa panlabas na anyo ng mga ito ay para sa kapakanan ng mga Quraysh.

## Ang Pagsakop sa Makkah

Sa ikawalong taon ng paglikas ay nagpasya ang Sugo (SAS) na salakayin ang Makkah at sakupin ito. Lumisan siya noong ika-10 ng Ramadán dala ang 10,000 mandirigma. Pinasok niya ang Makkah ng walang labanan sapagkat sumuko ang mga Quraysh at pinagwagi ni Allah ang mga Muslim. Nagsadya ang Propeta (SAS) sa alMasjid alHarám at nagsagawa ng tawáf sa palibot ng Ka‘bah. Pagkatapos ay nagdasal ng dalawang rak‘ah sa loob nito. Pagka-tapos niyon ay pinagbabasag niya ang lahat ng mga diyos-diyusang nasa loob noon nito at nasa ibabaw nito. Matapos niyon ay tumayo siya sa pintuan ng Ka‘bah habang ang mga Quraysh ay nasa ila-lim niya sa tabi ng pintuan nito, na naghihintay kung ano ang gaga-win niya sa kanila. Nagsalita ang Propeta (SAS): ***“O umpukan ng mga Quraysh, ano sa tingin ninyo ang gagawin ko sa inyo?”***

“Mabuti, kapatid na marangal na anak ng kapatid na marangal,” sagot nila.

***“Umalis na kayo sapagkat kayo ay mga malaya na,”*** sabi niya sa kanila.

Gumawa ang Sugo (SAS) ng pinakadakilang halimbawa ng pagpapaumanhin sa mga kaaway niya na nagpahirap, pumatay sa mga Kasamahan niya, nanakit sa kanila, at nagpalayas sa kanya sa bayan niya.

Matapos ang pagsakop ng Makkah ay pumasok ang mga tao sa Relihiyong mula kay Allah nang pulu-pulutong. Noong ikasam-pung taon ng paglikas ay nagsagawa ang Sugo (SAS) ng hajj. Ito ang kaisa-isang hajj para sa kanya. Nagsagawa ng hajj kasama niya ang higit sa 100,000 tao. Matapos ang hajj ay bumalik ang Propeta (SAS) sa Madínah.

## Ang mga Delegasyon at Pakikipagsulatan sa mga Hari

Lumitaw ang katanyagan ng Propeta (SAS) at lumaganap ang paanyaya niya kaya nagsimulang dumating sa Madínah ang mga delegasyon mula sa lahat ng pook. Ipinahahayag nila ang pagpasok nila sa Relihiyong Islam.

Nagsimula rin ang Propeta sa pakikipagsulatan sa mga hari at mga prinsipe. Inaanyayahan niya sila sa Islam. Kaya naman mayroon sa kanila na tumugon at sumampalataya at mayroon din sa kanila na tumanggi nang magandang pagtanggi at nagpadala ng mga regalo subalit hindi yumakap sa Islam. Mayroon pa sa kanila na nagalit at ginutay-gutay ang sulat ng Propeta (SAS) gaya ng ginawa ng Khosraw, ang hari ng Persia, na gumutay-gutay sa sulat ng Propeta (SAS). Kaya dumalangin laban sa kanya ang Sugo ni Allah (SAS) at sinabi: “O Allah, gutay-gutayin Mo ang kaharian niya!” Hindi pa lumipas ang maikling panahon at naghimagsik laban sa kanya ang anak niya. Pinatay siya nito at kinuha nito ang paghahari sa kanya.

Tungkol naman sa Muqawqis, ang hari ng Egipto, siya ay hindi yumakap sa Islam subalit pinarangalan niya ang Sugo ni Allah (SAS).

Tungkol naman kay alMundhir ibnu Sáwí, ang tagapamahala ng Bahrain, noong dumating ang sulat ng Propeta (SAS) ay binasa niya ito sa mga mamamayan ng Bahrain kaya mayroon sa kanila na sumampalataya at mayroon sa kanila na tumanggi.

## Ang Pagyao ng Propeta (SAS)

Pagkalipas ng mga dalawang buwan at kalahati mula ng mag-balik siya mula sa hajj ay nagsimula sa kanya ang karamdaman niya at nag-umpisang lumala sa paglipas ng bawat araw. Noong nanghina na siya para mamuno sa mga tao sa saláh ay hiniling niya kay Abú Bakr asSiddíq (RA) na pamunuan sa saláh ang mga tao.

Araw ng Lunes, ika-12 ng buwan ng Rabí‘ul’awwal ng ika-11 taon ng paglikas, lumipat ang Sugo (SAS) sa Kapisang Kataas-taasan. Ganap na 63 gulang siya. Nakarating ang balita sa mga Kasamahan niya. Halos mawalan sila ng katinuan nila at hindi sila naniwala sa balita hanggang sa tumayo si Abú Bakr asSiddíq (RA) sa gitna nila bilang isang tagapagsalita na magpapanatag sa kanila at maglilinaw sa kanila na ang Sugo (SAS) ay isang tao, na siya ay namamatay kung paanong namamatay ang tao kaya napanatag ang mga tao. Naisagawa ang pagpapaligo sa Sugo (SAS). Binalot siya at inilibang siya sa silid ng maybahay niyang si ‘Á’ishah (RA).

Namuhay ang Sugo (SAS) sa Makkah nang 40 taon bago naging propeta at 13 matapos naging propeta. Namuhay naman siya nang 10 taon sa Madínah matapos naging propeta.

Matapos ang pagyao ng Sugo (SAS) ay nagkaisa ang mga Muslim sa pagpili kay Abú Bakr asSiddíq (RA) bilang khalífah para sa mga Muslim. Siya ang una sa mga napatnubayang khalífah.

## Ang Pag-ibig ng mga Kasamahan ng Propeta sa Kanya

Talaga ngang ang pag-ibig ng mga Kasamahan ng Propeta (SAS) sa kanya ay sukdulan. Iniibig nila siya nang higit sa pag-ibig nila sa mga sarili nila, higit sa isa't sa kanila, at higit sa ano mang minamay-ari nila sapagkat siya ang dahilan ng pagpapalabas sa kanila ni Allah mula sa mga kadiliman ng kawalang-pananam-palataya tungo sa liwanang ng Islam. Ang mga sanaysay ng isina-salaysay sa ating hinggil sa pag-ibig ng mga Kasamahan ng Sugo (SAS) para sa kanya ay lubhang marami. Ang ilan doon ay ang sumusunod:

Noong nagkaisa ang mga Quraysh na bitayin ang kapita-pita-gang Kasamahan ng Sugo, si Khubayb ibnu 'Adíy (RA) ay nagsabi sa kanya si Abú Sufyán: "Ikatutuwa mo ba na si Muhammad ay kapiling namin ngayon upang tagain ang leeg niya at ikaw naman ay nasa mag-anak mo?" Kaya nagsabi siya: "Hindi, sumpa man kay Allah. Hindi ko ikatutuwa na ako ay nasa mag-anak ko saman-talang si Muhammad ay nasa kinaroroonan niya na

doon ay natu-tusok siya ng isang tinik na nakasasakit sa kanya."

Sa labanan sa Uhud ay may ikinalat na sabi-sabing ang Propeta (SAS) ay napatay raw. Kaya naman may lumabas na isang babaing kabilang sa mga Ansárí at binalitaan nila ito ng pagkamatay ng ama nito, anak nito, asawa nito, at kapatid nito ngunit nagsabi ito: "Ano ang ginawa sa Sugo ni Allah?" Ibinalita nila rito na siya ay nasa mabuti ngunit nagsabi ito: "Ipakita ninyo siya sa akin; titingnan ko siya." Kaya noong nakita niya ang Sugo ni Allah (SAS) ay hinawakan niya ang gilid ng damit niya. Pagkatapos ay nagsabi ito: "Ipantutubos ko sa iyo ang ama ko at ang ina ko, o Sugo ni Allah; hindi ko aalintanain sila kapag naligtas ka."

May dumating na isang lalaki sa Propeta (SAS) at nagsabi ito: "O Sugo ni Allah, tunay na ikaw ay talagang pinakainiibig para sa akin higit sa sarili ko, pinakainiibig para sa akin higit sa mag-anak ko, pinakainiibig para sa akin higit sa anak ko. Tunay na ako ay talagang nasa bahay ngunit naalaala kita kaya hindi ako nakapagtiis hanggang sa pinuntahan na kita at tumingin ako sa iyo. Kapag naalaala ko ang kamatayan ko at ang kamatayan mo ay nalalaman ko na ikaw, kapag pumasok ka sa Paraiso, ay iaangat ka kasama ng mga propeta at kung papasok ako sa Paraiso ay nata-takot ako na hindi kita makita." Kaya nagsabi ang Propeta (SAS): "Ikaw ay kasama ng inibig mo."

Tinanong si 'Alíy ibnu Abí Tálib (RA): "Paano ang pag-ibig ninyo sa Sugo ni Allah?" Kaya nagsabi siya:

"Siya, sumpa man kay Allah, pinakainiibig para sa amin higit sa mga ari-arian namin, mga anak namin, mga ama namin, mga ina namin, higit sa malamig na tubig sa sandali ng pagkauhaw."

## Ang Propeta (SAS) at ang Hindi mga Muslim

Nakipamuhay ang Propeta (SAS) sa iba't ibang mga kultura, maraming paniniwala, at sarisaring mga lahi nang maluwag sa dibdib at walang anumang pagtatangka sa panig niya na salingin ang mga kulturang ito. Kabilang sa mga halimbawa niyon: Nakipa-muhay ang Propeta (SAS) sa mga Hudyo sa Madínah nang buong payapa magmula ng pagdating niya mula sa Makkah. Pinakikitu-nguhan niya sila ayon sa mga etika ng Islam. Dinadalaw niya ang maysakit sa kanila. Nagtitiis siya sa maraming pananakit-damdamin ng kapit-bahay niyang Hudyo. Tumayo siya libing ng isang lala-king hudyo. Noong nadaanan ang Propeta (SAS) ng libing ng isang Hudyo ay tumayo siya bilang paggalang doon kaya may nagsabi sa kanya: "Tunay na iyon ay isang libing ng isang Hudyo." Kaya sinabi niya naman: "Hindi ba iyon isang kaluluwa?"

Magmula ng dumating siya sa Madínah, siya ay masigasig sa hindi pakikipag-away sa mga Hudyo. Bagkus lumagda siya ng kasunduan sa kanila. Isa ito sa nagpapatunay sa pagnanais niya sa pamumuhay nang may kapayapaan kasama ng ibang panig.

Noong lumawak ang teritoryo ng Estado ng Islam, mayroong isang pangkat ng mga liping Arabeng

Kristiyano at lalo na sa Najrán. Nakitungo sa kanila ang Propeta (SAS) ng magandang pakikitungo. Gumawa siya sa kanila ng mga kasunduang kabilang sa pinatutungkulan ng mga ito ay ang pangalagaan para sa kanila ang pamumuhay ng may kapayapaan sa lilim ng Estado ng Islam, ang pangalagaan para sa kanila ang kalayaan sa pagganap ng mga pagsamba sa relihiyon nila, at ang garantiyahan para sa kanila ang kabuuan ng mga kalayaan.

Nasaad nga sa kasunduan ng Propeta (SAS) sa mga mamama-yan ng Najrán ang ganito: "Ukol sa Najrán at karatig nito ang pag-kandili ni Allah at ang pangangalaga ni Muhammad, ang Sugo ni Allah, sa mga ari-arian nila, mga buhay nila, lupain nila, relihi-yon nila, kapiling na kababayan nila, at di-kapiling na kababayan nila...." hanggang sa huling bahagi ng nasaad sa kasunduang ito na pangangalaga sa mga karapatan ng mga Kristiyano ng Najrán at hindi pagsaling sa katiwasayan nila.

Ang sistema ng estado na itinadhana ng Kasulatan ng Madínah na inilathala ng Propeta ay gumagawa sa hindi mga Muslim na naninirahan doon bilang mga mamamayan na may mga karapa-tang tulad ng sa mga Muslim at may tungkuling tulad ng tungkulin ng mga Muslim.

Tungkol naman sa pakikipamuhay ng Propeta (SAS) sa mga nagkukunwaring sumasampalataya, sa kabila ng pagkakaalam ng Propeta (SAS) sa mga nagkukunwaring sumasampalataya at sa mga pangalan nila at pagkakaalam niya sa mga pagsusumikap nila sa pagpapalaganap ng diwa ng pagkatalo sa mga hanay ng mga Muslim at pagkilos

para sa pagkakahati-hati ng mga Muslim gayon pa man hindi natin napag-alamang ang Propeta (SAS) ay tumang-ging makitungo sa kanila manapa'y nakikihalubilo siya sa kanila, nakikitungo siya sa kanila, at dumidinig sa kanila. Hindi rin siya humantong sa paggamit ng lakas laban sa kanila. Hindi niya sila pinagkaitan ng anuman sa mga karapatang sibil nila sapagkat sila ay nagtatamasa nang lubusan ng mga karapatan ng pagkamama-mayan tulad ng mga Muslim. Pinahihintulutan niya sila na magla-had ng mga pananaw nila sa mga usapin ng lipunan. Ibinibigay niya sa kanila ang bahagi nila mula sa panustos ng kabang-bayan.

Ganito nakikipamuhay ang Sugo ni Allah sa mga ibang tao nang may buong pag-ibig at katiwasayan ng dibdib, nang walang poot o pagkasuklam manapa'y hinihimok niya ang mga tagasu-nod niya sa pamamagitan ng mga pag-uugali niya at mga sinasabi niya na makipamuhay sa ibang mga tao nang may kabusilakan at kapayapaan.

## Ang mga Mananampalataya ay Magkakapatid Lamang

Talaga ngang binigyang-diin ng Propeta (SAS) sa hindi isang pagkakataon ang kahalagahan ng kapatiran sa pagitan ng mga Muslim at ang pagkaisinatungkulin ng pagbubukluran sa pagitan nila. Ipinagbawal niya ang pagkarimarim, ang pagkamuhi, ang hidhawaan, ang salungatan, ang pagkakahati-hati. Nagbabala siya laban sa lahat ng gawaing nagdadahilan ng pagkamuhi at

paglalayuan ng loob sa pagitan ng mga Muslim. Hinimok niya rin ang pagtugon sa pangangailangan ng kapwa Muslim, ang pag-agapay rito, ang pagpapayo rito, ang pagtulong dito, sa lahat ng mga kalagayan.

Kaya kapag pagninilay-nilayan natin ang mga sinabi ng Propeta (SAS) at ang mga ipinag-utos niya manapa'y ang mga ginawa niya ay makatatagpo tayo roon ng isang bukas na paanyaya sa pagpa-palaganap ng pag-ibig at pagmamahalan sa pagitan ng mga mana-nampalataya. Heto siya na nagbibigay-diin na ang pag-ibig pam-pananampalataya ay isang kaparaanan at daan tungo sa Paraiso. Sinabi niya: ***"Hindi kayo papasok sa Paraiso malibang suma-sampalataya kayo. Hindi kayo sumasampalataya malibang nag-mamahalan kayo. Hindi ba ako magtuturo sa inyo ng isang bagay na kapag ginawa ninyo ay magmamahalan kayo? Ipa-laganap ninyo ang pagbati ng kapayapaan sa pagitan ninyo."***

Siya ay palagian ang sigasig sa pagtatanim ng mga binhi ng pag-ibig at pagpapalaganap ng awa at pagmamahal sa pagitan ng mga Muslim, at matindi ang sigasig sa pagpapatatag sa mga saligan ng pag-ibig sa mga puso ng mga tao. Heto siya, nagba-balita sa atin na sa tuwing nadadagdagan ang pag-ibig natin sa mga mananampalataya bilang pag-ibig kay Allah at alang-alang kay Allah ay magtatamo tayo ng pag-ibig ni Allah para sa atin. Sinabi niya: ***"Walang nagmamahalang dalawang tao alang-alang kay Allah malibang ang pinakainiibig sa kanila para kay Allah, kamahal-***

***mahalan Siya at kapita-pitagan, ay ang pinakamatindi sa dalawa sa pag-ibig sa kaibigan niya."***

Hindi lamang iyon, bagkus tunay na ang pananampalataya gaya ng paglilinaw doon ng Sugo ni Allah (SAS) ay nauugnay sa pag-ibig sa mga kapwa at pag-ibig ng mabuti para sa kanila. Sinabi niya: ***"Hindi sumasampalataya ang isa sa inyo malibang iniibig niya para sa kapatid niya ang naiibigan niya para sa sarili niya."*** Ayon kay Abú Hurayrah, ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Magregaluhan kayo, mag-iibigan kayo."*** Tunay na siya ay nag-tuturo sa atin ng mga kaparaanan at mga daan na kabilang sa pina-tutungkulan ng mga ito ay ang magpalambot ng mga puso at ang gumawa sa mga ito na higit na banayad at higit na nakakakayang maglaman ng mga damdamin ng pag-ibig sa kapwa.

## Ang mga Pisikal na Katangian ng Propeta (SAS)

Ang Sugo ni Allah ay katamtaman – sapagkat siya ay hindi ang matangkad na namumukod ni ang mababa – mahaba ang pagi-tan ng mga balikat, nagkakaangkupan ang mga bahagi ng kata-wan, malapad ang dibdib. Siya ay pinakamaganda sa mga tao sa mukha, maputi na nahahaluan ng pamumula, pabilog ang mukha, maitim ang mata, matangos ang ilong, maganda ang bibig, makapal ang balbas.

Siya ay mbango ang amoy, banayad sumaling. Nagsabi tungkol sa kanya si Anas ibnu Málik (RA): "Hindi ako nakaamoy ng *'anbar*, ni musk, ni anumang higit na mabango kaysa sa amoy ng Sugo ni Allah (SAS) at hindi

nakasalat kailanman ang kamay ko ng anumang higit na banayad salingin kaysa sa kamay ng Sugo ni Allah (SAS)."

Siya ay maaliwalas ang mukha, palagi ang pagngiti, maganda ang tinig, kaunti magsalita. Nagsabi tungkol sa kanya si Anas ibnu Málik (RA): "Siya ay ang pinakamakisig na tao. Siya ay ang pina-kamapagbigay na tao. Siya ay ang pinakamatapang na tao."

## Ilan sa mga Kaasalan ng Sugo (SAS)

Ang Sugo ni Allah (SAS) ang pinakamatapang na tao. Nagsabi si 'Alíy ibnu Abí Tálib (RA): "Kapag tumindi na ang sigalot at nakatagpo na ng isang pangkat ang isa pang pangkat, kami ay nagpapasanggalang noon sa Sugo ni Allah (SAS)." Siya rin ang pinakagalanteng tao. Hindi siya hiningan ng anuman kailanman at nagsabing hindi. Siya ang pinakamatimpiing tao. Siya ay hindi naghihiganti para sa sarili niya ni nagagalit para sa sarili maliban kung nilabag ang kabanalan ni Allah sapagkat alang-alang kay Allah ay maghihiganti siya.

Ang kamag-anak at ang di-kamag-anak, at ang malakas at ang mahina, sa ganang kanya ay magkapantay sa karapatan. Binigyang-diin niya na walang kalamangan ang isang tao sa isa pang tao mali-ban sa pangingilag sa pagkakasala, na ang mga tao ay pantay-pantay, at na ang dahilan ng pagkalipol ng mga sinaunang bansa ay kapag nagnakaw sa kanila ang maharlika, pinababayaan nila ito ngunit kapag nagnakaw sa kanila ang mahina, ipanatutupad nila rito ang kaparusahan. Sinabi pa niya:

***"Sumpa man kay Allah, kung sakaling si Fátimah na anak ni Muhammad ay nagna-kaw, talagang puputulin ko ang kamay niya."***

Wala siyang pinintasang pagkain kailanman. Kung naiibigan niya ay kakainin niya ito; kung hindi niya naibigan ito ay hahayaan niya ito. Dumarating noon sa mag-anak ni Muhammad (SAS) ang isang buwan o ang dalawang buwang walang nagniningas na apoy sa bahay niya at ang pagkain nila ay datiles at tubig lamang. Nag-bibigkis siya noon ng isang bato o dalawang bato sa tiyan niya dahil sa gutom.

Siya noon ay nag-aayos ng sirang sandalyas niya, nagsusulsi ng kasuutan niya, at umaalalay sa maybahay niya sa gawaing bahay. Siya noon ay dumadalaw sa mga maysakit. Siya ang pina-kamatinding tao sa pagpapakumbaba. Pinauunlakan niya ang sino mang nag-anyaya sa kanya, mayaman man o maralita, aba man o maharlika. Mahal niya ang mga dukha. Dinadaluhan niya ang libing nila at dinadalaw niya ang mga maysakit sa kanila. Hindi siya humahamak ng isang maralita dahil sa karalitaan nito at hindi siya nangingilabot sa isang hari dahil sa pagkahari nito. Siya noon ay sumasakay sa kabayo, kamelyo, asno at buriko.

Siya ang pinakapalangiting tao at ang pinakamaamong mukha sa kanila sa kabila ng dami ng dumapo sa kanya na mga dalam-hati at mga pighati. Naiibigan niya ang pabango at kina-susuk-laman niya ang mabahong amoy. Tinipon nga sa kanya ni Allah ang kalubusan ng mga kaasalan at ang mga magandang sa mga gawa. Binigyan

siya ni Allah ng kaalamang hindi naibigay sa isa man sa mga nauna at mga nahuli.

Siya ay *ummíy*: hindi nakababasa at hindi nakasusulat. Wala siyang guro na tao. Inihatid niya ang Qur’an na ito buhat kay Allah, na ang sabi ni Allah hinggil dito (17:88): **Sabihin mo: “Talagang kung nagkaisa man ang tao at ang jinníy na gumawa ng tulad sa Qur’an na ito ay hindi sila makagagawa ng tulad nito at kahit pa man ang iba sa kanila ay katulong ng iba pa.”** Ang paglaki niya bilang isang ummí ay isang pagputol ng dahilan para sa mga nagpapasinungaling na nagsasabing sinulat daw niya ang Qur’an o natutunan ito o nabasa ito mula sa mga kasulatan ng iba.

## Ilan sa mga Himala Niya

Tunay na ang pinakasukdulan sa mga himala niya ay ang Marangal na Qur’an, ang himala na mananatili hanggang sa pag-dating ng Huling Sandali, na dumaig sa mga matatas sa wikang Arabe, gumulat sa mga magaling sa wikang Arabe at hinamon ni Allah ang lahat sa pamamagitan nito na magbigay ng sampung kabanatang tulad nito, o magbigay ng isang kabanata o kahit ng isang talata na tulad nito. Sinaksihan ng mga Mushrik ang mahi-malang katangian ng Qur’an.

Ang ilan sa mga himala niya: Nang hiniling sa kanya ng mga Mushrik isang araw na magpakita siya sa kanila ng isang himala ay ipinakita niya sa kanila ang pagkabiyak ng buwan. Nabiyak ang buwan hanggang sa ito ay maging dalawang bahagi. Ang pagbukal ng tubig sa pagitan ng

mga daliri niya ay naganap ng ilang ulit. Nagluwalhati kay Allah ang maliit na bato sa palad niya. Pagka-tapos ay inilagay niya ito sa palad ni Abú Bakr (RA), pagkatapos ay sa palad ni ‘Umar (RA), pagkatapos ay sa palad ni ‘Uthmán (RA), na nagpatuloy sa pagluwalhati.

Naririnig nila noon ang pagluluwalhati kay Allah ng pagkain sa tabi niya habang ito ay kinakain. Bumati sa kanya ang mga bato at ang mga punong-kahoy. Kinausap siya ng braso ng tupang may lason na ibinigay sa kanya ng isang babaing Hudyo na nagnanais na pumatay sa kanya sa pamamagitan ng lason.

Nang hiniling sa kanya ng isang Arabe na taga-disyerto na pakitaan niya ito ng himala ay nag-utos siya sa isang punong-kahoy at pumunta iyon sa kanya. Pagkatapos ay inutusan niya iyon at bumalik iyon sa kinalalagyan niyon. Sinalat niya ang utong ng inahing tupa na walang gatas at nagkaroon ito ng gatas. Ginatasan niya ito, uminom siya, at pinainom niya si Abú Bakr (RA). Dumura siya sa mga mata ni ‘Alíy ibnu Abí Tálib (RA) noong ito ay nagkaroon ng namamagang mata at gumaling naman ang mga ito kaagad-agad. Nasugatan ang isang lalaki sa mga Kasamahan niya kaya hinipo niya ang tama at gumaling ito kaagad.

Dumalangin siya para kay Anas ibnu Málik (RA) na magka-roon ng mahabang buhay, maraming yaman at anak, at na pagpa-lain ito ni Allah sa mga ito. Nagkaroon ito ng 120 anak. Ang mga punong datiles nito ay namumunga nang dalawang beses sa isang taon, gayong ang nalalaman ng lahat tungkol sa datiles ay na ito ay

namumunga ng isang ulit sa isang taon. Nabuhay ito nang 120 taon.

Idinaing sa kanya ng isa sa mga Kasamahan Niya ang tagtuyot habang siya ay nasa pulpito kaya iniangat niya ang mga kamay niya na dumadalangin kay Allah noong ang langit ay walang ulap. Namuo ang mga ulap na kasinlaki ng mga bundok. Bumuhos ang malakas na ulan hanggang sa sumunod na Biyernes hanggang sa idinaing naman sa kanya ang dami ng ulan. Kaya nanalangin na naman siya kay Allah at tumigil ang ulan. Lumabas ang mga tao na naglalakad sa ilalim ng sikat ng araw.

Pinakain niya ang isang libong lalaking lumahok sa labanan sa bambang ng isang salop na trigo at isang kambing. Nabusog silang lahat at umalis sila samantalang ang pagkain ay hindi naba-wasan ng anuman. Pinakain niya rin ang mga taong ito ng kaun-ting datiles na dinala ng anak na babae ni Bashír ibnu Sa‘d (RA) na para lamang sana sa ama at amain nito sa ina. Pinakain din niya ang buong hukbo mula sa baon ni Abú Hurayrah (RA) hanggang sa nabusog sila.

Lumabas siya sa bahay habang may isandaang Quraysh na naghihintay sa kanya upang patayin siya at hinagisan niya ang mga mukha nila ng alikabok, umalis siya, at hindi nila siya nakita. Sinun-dan siya ni Suráqah ibnu Málik upang patayin. Ngunit noong naka-lapit na ito sa kanya ay nanalangin siya laban dito kaya lumubog sa lupa ang mga paa ng kabayo nito.

# Mga Pangyayari at mga Aral Mula sa Buhay ng Sugo

## Ang Pagbibiro Niya (SAS)

Ang Propeta (SAS) noon ay nagbibiro sa mga Kasamahan niya ngunit walang siyang sinasabi kundi ang totooo. Nakikipag-laro siya sa maybahay niya. Pinapansin niya ang mga bata at nag-tatalaga siya para sa kanila ng isang bahagi sa oras niya. Pinaki-kitunguhan niya sila ng ayon sa nakakayanan nila at nauunawaan nila. Binibiro niya noon ang utusan niya na si Anas ibnu Málik (RA). Marahil ay sinabihan niya ito minsan: ***"O may dalawang tainga."***

May pumunta sa kanya na isang lalaki at nagsabi: "O Sugo ni Allah, isakay mo po ako." Kaya nagsabi sa kanya ang Propeta (SAS), na nagbibiro: "Tunay na kami ay magpapasakay sa iyo sa anak ng inahing kamelyo." Nagsabi ito: "At ano po ang gagawin ko sa anak ng inahing kamelyo?" Kaya nagsabi ang Propeta (SAS): ***"May iba pang nagsisilang ng kamelyo kundi ang mga inahing kamelyo?"***

Siya ay palangiti at masayahin sa harap ng mga Kasamahan niya. Wala silang naririnig mula sa kanya kundi ang mabuting salita. Ayon kay Jarír (RA) na nagsabi: "Hindi ako hinadlangan ng Propeta (SAS) mula ng yumakap ako sa Islam. Hindi niya ako natingnan malibang ngumingiti siya sa harap ko. Talaga ngang dumaing ako sa kanya na hindi ako makapanatili sa ibabaw ng kabayo kaya itinapik niya ang kamay niya sa

dibdib ko at nagsabi: ***"O Allah, panatilihin Mo siya at gawin mo siya na isang taga-patnubay na napapatnubayan."*** Kaya hindi na ako nalaglag sa kabayo matapos niyon.

Binibiro rin niya noon ang mga kamag-anak niya. Pumunta siya sa bahay ng anak niyang si Fáṯimah at hindi niya nasumpu-ngan ang asawa nitong si 'Alíy sa bahay kaya nagsabi siya: ***"Nasaan siya?"*** Nagsabi ito: Nagkaroon kami ng isang alitan kaya nagalit siya sa akin at lumabas. Pinuntahan siya ng Sugo ni Allah saman-talang siya ay nakahiga sa masjid. Naalis sa kanya ang balabal niya at nalagyan ng alikabok kaya nagsimula ang Sugo ni Allah (SAS) na punasan iyon upang maalis sa kanya habang ito ay nag-sasabi: ***"Bumangon ka, o ama ng alikabok; bumangon ka, o ama ng alikabok.***"

## Ang Pakikitungo Niya sa mga Bata

Ang mga bata ay may naranasang sapat na bahagi mula sa dakilang kaasalan niya. Nakikipagtakbuhan siya sa maybahay niyang si 'Á'ishah (RA). Pinapayagan niya ang pakikipaglaro nito sa mga kaibigan nito. Ayon kay 'Á'ishah (RA) na nagsabi: "Ako noon ay naglalaro kasama ng mga batang babae sa harap ng Propeta (SAS). Mayroon akong mga kaibigan na naglalaro noon kasama ko. Ang Sugo ni Allah (SAS) noon kapag pumasok ay pinagtataguan nila ngunit pinapupunta niya sila sa akin at mag-lalaro sila kasama ko."

Pinahahalagahan niya rin ang mga bata at nakikilaro sa kanila. Nakikipagmabutihan siya sa kanila. Ayon kay

‘Abdulláh ibnu Shaddád, ayon sa ama niya na nagsabi: “Lumabas sa amin ang Sugo ni Allah (SAS) sa isa sa dalawang saláh sa gabi samantalang kinakarga niya si Hasan o si Husayn. Pumunta sa harap ang Sugo ni Allah (SAS) at inilapag niya ito. Pagkatapos ay nagsabi siya ng Alláhu akbar sa pagpapasimula ng saláh. Nagdasal siya. Nagpati-rapa siya ng isang pagpapatirapa at tinagalan niya ito. Nagsabi ang ama ko: Kaya inangat ko ang ulo ko at ang bata ay nasa iba-baw ng likod ng Sugo ni Allah (SAS) habang siya ay nakapatirapa kaya bumalik ako sa pagkakapatirapa ko. Kaya noong natapos ng Sugo ni Allah (SAS) ang saláh ay nagsabi ang mga tao: O Sugo ni Allah, tunay na ikaw ay nagpatirapa ng isang pagpapa-tirapa na pinatagal mo hanggang sa inakala namin na may nangya-ring isang pangyayari, o na may isinisiwalat sa iyo. Nagsabi siya: ***Lahat ng iyon ay hindi nangyari; bagkus ang anak ko ay suma-kay sa akin at hindi ko ibig na madaliin siya hanggat hindi natutugon ang kailangan niya.***”

Ayon kay Anas ibnu Málik (RA) na nagsabi: “Ang Propeta (SAS) ay ang pinakamaganda sa mga tao sa kaasalan. Nagsasabi siya sa isang kapatid ko na maliit: ***O Ama ni ‘Umayr,***[22] ***ano ang ginawa ng nughayr?*** Ang nughayr ay isang maliit na ibon na pinaglalaruan ng

[22] Tinawag dito ng Sugo ang bata na Ama ni ‘Umayr gayong sa kaugaliang Arabe ay hindi tinatawag nang ganito ang mga bata. Isa itong biro at pagla-lambing. Marahil ang katumbas nito sa mga Pilipino ay ang tawaging Mister o Miss ang isang batang lalaki o babae. Ang Tagapagsalin.

batang iyon. Sa pangyayaring ito ay mayroong isang pang-aaliw sa batang ito.

## Ang Pakikitungo Niya sa Mag-anak Niya

Tungkol naman sa pakikitungo ng Propeta (SAS) sa mag-anak niya, natipon nito ang mga marangal sa mga kaasalan. Siya ay mapagpakumbaba. Siya ay laging tumutugon sa pangangailangan ng mag-anak niya. Isinasaalang-alang niya ang kalagayan ng babae bilang isang tao, isang ina, isang maybahay, at isang anak. Tina-nong siya ng isang lalaki na nagsabi: "Sino po ang higit na karapat-dapat sa mga tao sa magandang pakikisama ko?" Sinabi niya: ***"Ang ina mo, pagkatapos ay ang ina mo, pagkatapos ay ang ina mo, at pagkatapos ay ang ama mo."*** Sinabi pa niya: ***"Ang sinumang nakaabot sa mga magu-lang niya o sa isa sa kanila at hindi nagpakabuti sa kanila at saka namatay siya at saka pumasok siya sa Apoy ay ilalayo siya ni Allah [sa awa Niya].***

Kapag uminom ang maybahay niya sa sisidlan ay kukunin niya ito, ilalagay niya ang bibig niya sa pinaglagyan ng bibig niyon at iinuman. Siya noon ay nagsasabi: ***"Ang pinakamabuti sa inyo ay ang pinakamabuti sa maybahay niya at ako ay ang pinakamabuti sa inyo sa maybahay ko."***

## Ang Awa Niya (SAS)

Tungkol naman sa katangian ng awa niya, sinabi nga niya (SAS): ***"Ang mga naaawa ay kaaawaan ng Napakamaawain. Kaawaan ninyo ang sinumang nasa***

***lupa, kaaawaan Niya kayo na nasa langit."*** Ang marangal na Propeta natin (SAS) ay may pinakamasaganang bahagi sa dakilang kaasalan na ito. Lumili-taw iyon na malinaw at hayag sa mga nangyari sa kanya kasama ng lahat, maging bata man o matanda, maging kaanak man o di-kaanu-ano. Kabilang sa mga halimbawa ng habag niya at awa niya ay na pinadadali niya ang mga saláh niya at hindi pinatatagal kapag nakarinig ng iyak ng isang paslit. Ayon kay Abú Qatádah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"Tunay na ako ay tala-gang tatayo na sa saláh na ninanais ko na patagalin ngunit nakarinig ako ng iyak ng paslit kaya naman magpapaikli ako ng saláh ko dahil sa pagkasuklam na baka makapagpahirap ako sa ina niya."***

Bahagi ng awa niya sa kapwa niya at kasigasigan niya na pumasok sila sa Relihiyong mula kay Allah, noong nagkasakit ang isang batang Hudyo na naglilingkod sa Propeta (SAS) ay pinuntahan niya ito at dinadalaw ito. Umupo siya sa tabi ng ulo nito at nagsabi rito: ***Yumakap ka sa Islam.*** Tumingin ito sa ama nito na nakatayo sa tabi ng ulo nito at nagsabi rito ang ama nito: "Tumalima ka kay Abulqásim." [23] Kaya yumakap sa Islam ang bata. Pagkatapos, hindi naglaon ay namatay ito. Lumabas ang Propeta (SAS) mula sa kinaroroonan nito habang siya ay nagsasabi: ***"Ang papuri ay ukol kay Allah na sumagip sa kanya mula sa Apoy."***

---

[23] Ito ang taguri sa Propeta (SAS).

## Ang Pagkamatiisin Niya (SAS)

Tungkol naman sa sanaysay hinggil sa pagkamatiisin niya, ito sa katotohanan ay isang sanaysay tungkol sa buong buhay niya at tungkol sa talambuhay niya kalakip ng lahat ng mga detalye nito at mga pangyayari nito. Ang buhay niya ay pawang pagtitiis, pagpapakamatiisin, pakikibaka sa iba, at pakikibaka sa sarili. Hindi na siya natigil sa pagtitiis, pagpapakamatiisin, at patuloy na gawain magmula ng ibinaba sa kanya ang unang talata ng Qur'an hanggang sa huling sandali ng buhay niya. Talaga ngang nalaman ng Sugo ni Allah (SAS) ang kalikasan ng anumang matatagpuan niya sa landas na ito mula noong unang sandali ng pagsugo sa kanya at matapos ang unang pakikipagkita sa Anghel, noong dinala siya ni Khadíjah (RA) kay Waraqah ibnu Nawfal. Sinabi sa kanya ni Waraqah: "O kung sana ako ay buhay pa kapag palalayasin ka ng mga kababayan mo." Kaya nagsabi siya rito: ***"At palalayasin ba nila ako?"*** Nagsabi ito: "Oo, sapagkat wala pang isang lalaki na nagdala ng tulad sa ihinatid mo na hindi inaway." Kaya pinahirati na niya ang sarili niya magmula sa simula sa pagtitiis sa mga hirap, pamiminsala, pakana, at pangangaway.

Kabilang sa mga pangyayaring nalalantad ang pagkamatiisin niya (SAS) ay ang dumating sa kanya na palagiang pangungutya at panunuya at ang dumating sa kanya na pisikal na pamiminsala mula sa mga kababayan niya, mga kaanak niya, at angkan niya na mga

nagtatangka dahil doon na pigilan siya sa pagpaparating ng pasugo ng Panginoon niya.

Higit na matindi pa roon ang pinsalang sikolohikal na lumilitaw sa pagtanggi sa paanyaya niya; pagpapasinungaling sa kanya; pagpaparatang sa kanya na siya raw ay isang manghuhula, isang manunula, isang baliw, at isang manggagaway; at ang pagsasabing ang ihinatid niya na mga talata ng Qur'an ay walang iba kundi mga mito ng mga sinaunang tao. Kabilang doon ay ang sinabi ni Abú Jahl habang nanunuya: "O Allah, kung nangyaring ito ay ang katotohanan na buhat sa Iyo, paulanan Mo kami ng mga bato mula sa langit o dalhan mo kami ng isang masakit na pagdurusa."

Ang amain niya na si Abú Lahab ay sumusunod sa kanya kapag pumupunta siya sa mga pinagtitipunan ng mga tao at mga palengke nila upang anyayahan niya sila sa Islam. Pinasisinungalingan siya nito at sinasaway sila sa paniniwala sa kanya. Samantala, ang maybahay naman nito na si Umm Jamíl ay nangangalap ng mga kahoy at mga tinik at hinahagis sa daanan niya.

Umabot ang pamiminsala sa rurok nito nang kinubkob siya kasama ng mga Kasamahan niya sa loob ng tatlong taon sa Shi'b Abí Tálib hanggang sa kumain na sila ng mga dahon ng mga punong-kahoy sa tindi ng gutom. Nadagdagan pa sa kanya ang mga kalungkutan nang namatayan siya ng maybahay niyang si Khadíjah, na umaalo sa kanya at tumutulong sa kanya. Pagkatapos ay binigla pa siya ng pagkamatay ng amain niya na nagsasangga-lang sa kanya at nagtatanggol sa kanya. Nag-

iibayo pa ang kalung-kutan niya dahil sa ito ay namatay sa kawalang-pananampalataya sa Islam. Pagkatapos ay umalis siya sa bayan niya upang lumikas pagkatapos ng ilang pagtatangka ng pagpatay sa kanya. Sa Madínah ay magsisimula siya ng isang bagong panahon ng pagtitiis, pagpa-pakasakit, at isang buhay na naglalaman ng marami sa paghihirap at kagipitan hanggang sa nagutom siya, naghirap siya, at nagtali siya sa tiyan ng bato. Sinasabi niya (SAS): ***“Pinangamba nga ako dahil kay Allah at hindi pinangangamba [ng gayon] ang isa. Talaga ngang pininsala ako dahil kay Allah at hindi pinipinsala [ng gayon] ang isa. Talaga ngang may dumating sa akin na tatlumpung [sandali] sa pagitan ng araw at gabi samantalang ako at si Bilál ay walang ibang pagkain na nakakain ng isang may atay kundi isang bagay na maitatago ng kilikili ni Bilál.”***

Pinaratangan na siya sa karangalan niya at dinapuan ng pami-minsala mula sa mga nagkukunwaring sumasampalataya at mga mangmang na kabilang sa mga Arabeng disyerto. Bagkus isina-laysay ni alBukháríy ayon kay ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA) na nagsabi: “Namahagi ang Sugo ni Allah ng isang bahagi at may nagsabi na isang lalaking kabilang sa mga Ansáríy: Sumpa man kay Allah, hindi nagnanais si Muhammad sa pamamagitan ng [paghahating] ganito ng ikalulugod ng Mukha ni Allah.”[24] Nag-sabi pa si Ibnu Mas‘úd: “Kaya

[24] Inaakala nito na hindi makatarungan ang pamamahagi ng Propeta (SAS).

pumunta ako sa Sugo ni Allah (SAS) at binalitaan ko siya. Nagbago ang mukha niya at nagsabi siya: ***Kawaan ni Allah si Moises; talaga ngang pininsala siya ng higit pa rito at nagtiis siya.***"

Kabilang sa mga sandaling nagpakamatiisin ang Propeta (SAS) ay ang mga araw ng pagkamatay ng mga lalaking anak niya at mga babaing anak niya yamang nagkaroon siya ng pitong supling na nagkasunud-sunod ang pagkamatay nila: ang isa kasunod ng isa pa, hanggang sa walang natira sa kanila kundi si Fátimah (RA). Ngunit hindi siya pinanghinaan ni nangalupaypay bagkus ay nag-tiis siya ng isang magandang pagtitiis. Naiulat pa nga hinggil sa kanya noong araw ng kamatayan ng anak niya na si Ibráhím ang sinabi niya: ***"Tunay na ang mata ay lumuluha at ang puso ay nalulungkot. Hindi kami magsasabi kung hindi ang ikalulugod ng Panginoon namin. Tunay na kami, sa pakikipaghiwalay sa iyo O Ibráhím, ay talagang mga nalulungkot."***

## Ang Pagsamba Niya

Ang Propeta (SAS) ay masipag sa pagsamba niya sa Panginoon niya at palaging umaalaala at nag-iisip. Kapag siya ay dinapuan ng lumbay at lungkot o dinatnan ng isang kasawian, nananawagan siya kay Bilál ay nagsasabi: ***"Paginhawahin mo kami sa pama-magitan ng saláh, o Bilál."***

Nagdarasal siya sa gabi at pinahahaba niya ang saláh at ang pagtaya hanggang sa namaga ang mga paa niya dahil sa haba ng pagtayo. Binibigkas niya ang Qur'an at

inuulit-ulit ang mga talata. Umiiyak siya hanggang sa nabasa ang balbas niya dahil sa dami ng pag-iyak kaya nagsasabi sa kanya ang maybahay niyang si ‘Á’ishah (SAS): “O Sugo ni Allah, paano mong nagagawa ito sa sarili mo gayong nagpatawad na si Allah sa iyo sa anumang nauna sa pagkakasala mo at anumang nahuli?” Kaya magsasabi naman siya: “Kaya hindi ba ako magiging isang lingkod na mapagpasa-lamat?” Nananatili siya sa higit na maraming bahagi ng gabi na nakikipag-usap sa Panginoon niya, bumibigkas sa Aklat Niya, at nagsusumamo sa Kanya.

Dinadalasan niya rin ang pag-aayuno. Nag-aayuno siya sa panahong ng pagtigil at paglalakbay, sa init at lamig. Nagsasabi si Abú Dardá’: “Kami noon ay nasa katindihan ng init hanggang sa, sumpa man kay Allah na walang Diyos kundi Siya, tunay na ang isa sa amin ay talaga namang naglalagay na ng kamay niya sa ulo niya dahil sa tindi ng init ng araw at walang isa sa amin na nag-aayuno kundi ang Sugo ni Allah at ang anak ni Rawáháh.”

Tungkol naman sa larangan ng pagkakawanggawa, ang Propeta (SAS) ay mapagbigay ayon sa pagkamapagbigay na walang mga hangganan. Siya ay lubhang galante. Nagkakaloob siya at nagka-kawanggawa ng bawat anumang mayroon sa kanya. Nagbigay siya ng isang bigay sa isang walang pinangangambahang karalitaan. Wala siyang tinanggihang isang nanghihingi kailanman. Kapag hiningan siya ng isang tao ng anumang mayroon siya ay hindi niya tinatanggihan ito. Bagkus ay tinutulungan niya

ito at inaa-layan niya ito. Gaya nga ng sinasabi tungkol sa kanya ng mga Kasamahan niya: “Hindi hiningan ang Sugo ni Allah (SAS) ng anuman kailanman na nagsabi siya ng hindi.”

## Ang Kawalan Niya (SAS) ng Hilig sa Karangyaan

Hindi aangkop na itaguri ang katangian ng kawalan ng hilig sa karangyaan sa totoo kundi sa isang tao na madali niyang maka-mit ang isang bagay ngunit tinanggihan niya iyon at iniwan niya iyon bilang pagtanggi roon. Ang Propeta natin ay ang pinakawa-lang hilig sa karangyaan sa lahat ng tao sa mundo at ang pinaka-kaunti sa kanila sa pagkaibig dito, na nagkakasya sa makasasapat sa pangangailangan niya mula sa mundo, nalulugod dahil dito sa buhay ng kasalatan gayong ang mundo ay nasa pagitan ng mga kamay niya at gayong siya ang pinakamarangal na nilikha para kay Allah. Kung sakaling ninais niya, talagang ibinigay sana ni Allah sa kanya ang anumang nanaisin niya na mga yaman at mga biyaya.

Nabanggit nga ni Imám Ibnu Kathír, kaawaan siya ni Allah, sa pagpapaliwanag niya sa Qur’an, na ayon kay Khaythamah ay sinabihan ang Propeta (SAS): “Kung loloobin mo, [mangyayari] na bibigyan ka Namin ng mga tagong yaman ng daigdig at mga susi ng mga ito, na hindi Namin ibinigay sa isang propeta na nauna sa iyo at hindi Namin ibibigay sa isa pagkatapos mo at hindi maka-babawas iyon mula sa nauukol sa iyo sa ganang kay

Allah." Kaya nagsabi siya: ***"Ipunin ninyo para sa akin sa Kabilang-buhay."***

Tungkol naman sa buhay niya at pamumuhay niya, ito ay isang kamangha-mangha mula sa kamangha-mangha. Sinasabi ni Abú Dharr (RA): "Ako ay naglalakad noon kasama ang Propeta (SAS) sa batuhan ng Madínah. Humarap kami sa bundok ng 'Uhud at nagsabi siya: ***Hindi magpapasaya sa akin na mayroon akong tulad ng [bundok ng] Uhud na ito na ginto, na lilipas sa akin ang tatlong araw at mayroon pa akong isang dínár mula roon, maliban sa isang bagay na itatabi ko ukol sa utang, malibang ipamimigay ko ito sa mga lingkod ni Allah nang ganito, ganyan, ganoon buhat, sa kanan, buhat sa kaliwa, at buhat sa likuran.*** " Siya noon ay nagsasabi: ***"Wala akong kaugnayan sa mundo. Ako ay nasa mundo gaya lamang ng isang nakasakay na sumisilong sa ilalim ng isang punong-kahoy at pagkatapos ay aalis at iiwan ito."***

## Ang Pagkain Niya at ang Pananamit Niya (SAS)

Tungkol naman sa pagkain niya, dumadaan noon sa kanya ang isang buwan, ang dalawang buwan, at ang tatlo at hindi nagnini-ngas sa bahay niya ang isang apoy. Ang pagkain niya ay ang datiles at ang tubig. Marahil nanatili siya sa maghapon na namimilipit dahil sa tindi ng gutom at hindi siya nakasusumpong ng pupuno sa tiyan niya. Ang karamihan sa tinapay niya ay mula sa *barley*. Hindi naiulat mula sa kanya na siya ay kumain kailanman ng tina-pay na manipis. Bagkus tunay na ang alila niya na si Anas

(RA) ay bumanggit na hindi naipagsama sa kanya ang pananghalian ni ang hapunan na tinapay at karne maliban kapag pinupuntahan siya ng mga panauhin.

Ang kalagayan niya sa pananamit niya ay hindi higit na salat kaysa sa nauna yamang sinasaksihan para sa kanya ng mga Kasa-mahan niya (RA) ang kawalan niya ng hilig sa karangyaan at ang hindi pagpapakahirap niya sa pananamit niya, gayong siya ang may kakayahan na kumuha ng mga kasuutan na pinakamahal. Sinasabi ng isa sa mga Kasamahan niya habang inilalarawan ang pananamit niya: "Pinuntahan ko ang Sugo ni Allah (SAS) upang kausapin siya tungkol sa isang bagay at nasumpungang siya ay nakaupo at nakasuot ng tapis na magaspang na bulak."

Pumunta si Abú Bardah kay 'Á'ishah, ang ina ng mga mana-nampalataya, at inilabas nito ang isang damit na sinulsi at tapis na magaspang. Pagkatapos ay sinabi nito: "Kinuha ang Sugo ni Allah (SAS) suot ang dalawang damit na ito." Ayon kay Anas ibnu Málik (RA) na nagsabi: "Ako ay naglalakad minsan kasama ang Sugo ni Allah habang nakasuot siya ng isang Najráníy[25] na balabal na magaspang ang gilid."

Hindi siya nag-iwan noong namatay siya ng isang dirham, ni isang dínár, ni isang aliping lalaki, ni isang aliping babae, ni anuman, maliban sa puting mola niya, sandata niya, at isang lupa na ginawa niyang isang kawanggawa. Nagsabi si 'Á'ishah: "Yumao ang Sugo ni

---

[25] Yari sa Najrán, na isang lugar sa timog Arabia.

Allah (SAS) samantalang sa estante ko ay walang isang bagay na kinakain ng isang may atay maliban pa sa kalahating takal na barley." Namatay siya samantalang ang panangga niya ay nakasangla sa isang Hudyo kapalit ng kaunting barley.

## Ang Katarungan Niya (SAS)

Tungkol naman sa katarungan, ito ay nakakapit na sa sarili niya sa panahon ng pananatili niya at paglalakbay niya. Siya ay makatarungan sa pakikitungo niya sa Panginoon niya, makata-rungan sa pakikitungo niya sa sarili niya, makatarungan sa paki-kitungo niya sa mga maybahay niya, at makatarungan sa pakiki-tungo niya sa kapwa: maging sa isang kaanak o isang di-kaanu-ano, isang kasamahan o isang kaibigan, maging sa isang sumasang-ayon o isang sumasalungat, pati na ang kaaway na nagmamalaki. Lahat ay may bahagi sa katarungan niya. Tinutulan siya ng mga tao at nilalabag ang karapatan niya ng mga tao, ngunit hindi niya tinatalikuran ang katarungan. Siya ay nasusuklam din na magtangi-tangi sa mga Kasamahan niya. Bagkus iniibig niya ang katarungan at ang pagkakapantay-pantay. Pinapasan niya ang mga hirap at ang mga pagod tulad nila. Ayon kay ‘Abdulláh ibnu Mas‘úd (RA) na nagsabi: "Kami noong araw ng [labanan sa] Badr ay nakasakay ang [isa sa] bawat tatlo sa isang kamelyo. Sina Abú Lubábah, ‘Alíy ibnu Abí Tálib ay mga kasama ng Sugo ni Allah (SAS)." Sinabi pa niya: "Kaya noong dumating ang pagkakataon ng Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi sila: Kami naman ang maglalakad at ang

sasakay ay ikaw. Sinabi niya: ***Kayo ay hindi higit na malakas kaysa sa akin, at ako ay hindi higit na walang pangangailangan sa gan-timpala [ni Allah] kaysa sa inyo.***"

Samantalang si Usayd ibnu Hudayr ay nakikipagbiruan sa mga tao at nagpapatawa sa kanila ay sinundot siya ng Propeta sa baywang niya ng isang patpat kaya nagsabi si Usayd: "Sinaktan mo ako, kaya hayaan mong makaganti ako sa iyo." Kaya sinabi niya: ***"Gumanti ka."*** Nagsabi si Usayd: "Tunay na tungkulin mo na magbigay ng isang kamisa at wala akong kamisa." Kaya inangat ng Propeta (SAS) ang kamisa niya at niyapos naman siya ni Usayd at nagsimula itong humalik sa pagitan ng baywang at tadyang at nagsabi: "Ninais ko lamang ito, o Sugo ni Allah.

Siya ay hindi nalulugod na ipawalang-saysay ang mga batas ni Allah na isinabatas Niya upang isagawa ang katarungan sa pagi-tan ng mga tao, kahit pa man ang salarin ay kabilang sa mga kaa-nak niya at mga minamahal niya. Sa kaso ng babaing kabilang sa liping Makhzúm na nagnakaw ay hindi niya tinanggap ang pamamagitan ni Usámah [ibnu Zayd] at sinabi niya ang tanyag na kasabihan niya: ***"O mga tao, nilipol lamang ang mga nauna sa inyo dahil sila noon, kapag nagnakaw sa kanila ang maharlika, ay nagwa-walang-bahala roon at kapag naman nagnakaw sa kanila ang mahina ay ipinatutupad nila roon ang batas. Sumpa man kay Allah, kung sakaling si Fátimah na anak ni***

***Muhammad ay nagnakaw, talagang puputulin ko ang kamay niya."***

## Ang Sinabi Nila 26 Tungkol Kay Muhammad (SAS)

Ang sumusunod ay mga sinipi mula sa mga sinabi ng ilan sa mga *philosopher* at mga kanluraning oryentalista[27] hinggil sa puma-patungkol kay Propeta Muhammad (SAS). Naglilinaw ang pag-amin nila sa kadakilaan ng marangal na Propetang ito, sa pagka-propeta niya, sa kapuri-puring mga katangian niya, at sa katoto-hanan ng mensaheng inihatid niya, na malayo sa panatisismo at sa pagpalaganap ng mga kabulaanang inilalako ng ilan sa mga kaaway ng Islam.

**Nagsasabi ang nagwagi ng Nobel Prize na Irlandes na si Bernard Shaw** sa aklat niya na pinamagatang *Muhammad*, na ipina-sunog ng mga awtoridad ng Britania: "Ang mundo ay lalong higit na nangangailangan sa isang taong nasa pag-iisip ni Muhammad, ang Propeta na ito na naglagay sa Relihiyon niya palagi sa kalaga-yang iginagalang at pinagpipitagan. Ito ay ang pinakamakapang-yarihang relihiyon na manaig sa lahat ng mga kabihasnan, na mana-tiling gayon magpakailanman. Nakikita ko na marami sa mga kaba-bayan ko ay pumasok sa relihiyong ito ayon sa pagkaunawa. Mata-tagpuan ng relihiyong ito ang malawak na larangan nito sa konti-nente ng Europa."

[26] Ang mga siniping pananalita rito ay salin mula sa wikang Arabe.
[27] Dalubhasa sa kultura, wika, relihiyon at iba pa ng mga taga-Silangan (Oryental).

**Nagsasabi pa siya:** "Ang mga alagad ng relihiyon noong Kalagitnaang Panahon, dahil sa kamangmangan at panatisismo, ay naglarawan sa relihiyon ni Muhammad ng isang madilim na larawan. Itinuturing noon nila na ito ay isang kaaway ng Kristi-yanismo. Ngunit napag-aralan ko ang taong ito at natagpuan ko na siya ay isang pambihira at kahanga-hanga at napagtanto ko na siya ay hindi kaaway ng Kristiyanismo. Bagkus kinakailangang tawagin siya na tagapagligtas ng sangkatauhan. Sa palagay ko, kung sakaling siya ay hahawak sa pamamahala ng mundo sa nga-yon, magtatagumpay siya sa paglutas ng mga suliranin natin, na siyang magtitiyak sa kapayapaan at kaligayahan na minimithi ng sangkatauhan."

**Nagsasabi ang Escoses na philsopher na si Thomas Carlye** sa aklat niya na pinamgatang *On Heroes, Hero-Worship, and the Heroic in History*: "Naging malaking kapintasan sa alinmang indibiduwal sa panahong ito na makinig sa sinasabing ang reli-hiyong Islam daw ay isang kasinungalingan, at na si Muhammad ay isang manunubang impostor. Kailangang kalabanin natin ang ipinalalaganap na tulad nitong mga pananalitang hangal na naka-hihiya. Ang mensahe na ipinarating ng Sugong iyon ay nanatiling ang ilaw na tumatanglaw sa loob ng labindalawang siglo sa mga dalawang daang milyong tao.[28] Ang isa sa inyo ay mag-aakala ba na ang mensaheng

[28] Ito ay noong panahon ni Thomas Carlyle. Sa ngayon ay mga 1,300,000,000 na ang mga Muslim. Inamin na rin ng Vaticano na ang mga Muslim ay higit na marami kaysa sa mga Romano Catolico.

ito na nabuhay rito at namatay rito ang milyon-milyong ito na mahirap takdaan at bilangin ay isang kasinunga-lingan at panlilinlang?"

**Nagsasabi ang philosopher na Hindu na si Rama Krishna Rao:** "Noong lumitaw si Muhammad, ang Arabia ay hindi naba-banggit. Mula sa disyertong ito na hindi nababanggit ay nakaya ni Muhammad sa pamamagitan ng dakilang espiritu niya na mag-tatag mula rito ng isang bagong mundo, isang bagong buhay, isang bagong kultura, isang bagong kabihasnan at isang bagong kaha-rian na umabot mula sa Marakesh hanggang mala-kontinente ng India. Nakaya niya na makaimpluwensiya sa kaisipan at buhay ng tatlong kontinente: ang Asya, ang Africa, at ang Europa."

**Nagsasabi ang Oryentalistang Canadiense na si Zweimer:** "Si Muhammad, walang duda, ay kabilang sa napakadakilang mga pinunong panrelihiyon. Naaangkop sa kanya na sabihing siya ay isang repormador na may kakayahan, matatas, mahusay mangusap, malakas ang loob, lumalaban, at dakilang palaisip. Hindi ipinahi-hintulot na iugnay siya sa sumasalungat sa mga katangiang ito. Itong Qur'an niya na inihatid niya at ang talambuhay niya ay suma-saksi sa katumpakan ng pahayag na ito."

**Nagsasabi ang Ingles na si Sir William Muir:** "Si Muhammad, ang Propeta ng mga Muslim, ay tinaguriang mapagkakatiwalaan mula sa pagkabata niya ayon sa nagkakaisang pahayag ng mga kababayan niya dahil sa karangalan ng mga kaasalan niya at kagan-dahan ng mga ugali niya. Ano man ang mangyari, si Muhammad ay

napakatayog para maabot ng naglalarawan. Hindi nalalaman ang halaga niya ng sinumang hindi nakakilala sa kanya. Ang dalubhasa sa kanya ay ang nagpakalalim sa pag-aaral sa maluwalhating kasay-sayan niya, ang kasaysayan na iyon na nag-iwan kay Muhammad sa pangunguna sa mga propeta at mga palaisip ng mundo.”

**Nagsasabi pa siya:** “Natatangi si Muhammad sa kalinawan ng salita niya at kadalian ng relihiyon niya. Nakapagsagawa siya ng mga gawaing ikinagugulat ng mga isipan. Walang nalaman ang kasaysayan na may isang repormador na gumising sa mga kaluluwa, bumuhay sa mga kaasalan, at nag-angat sa kahalagahan ng mabu-ting katangian sa loob ng maikling panahon gaya ng ginawa ng Propeta ng Islam na si Muhammad.”

**Nagsasabi ang dakilang Ruso na nobelista at philosopher na si Leo Tolstoy:** “Sapat nang karangalan kay Muhammad na siya ay nagligtas sa isang bansang hamak na madugo mula sa mga kuko ng mga demonyo ng mga kaugaliang kadusta-dusta, at binuk-san sa harap nila ang daan ng pag-unlad at pagsulong. Ang Batas ni Muhammad ay maghahari sa mundo dahil sa kaangkupan nito sa isip at dunong.”

**Nagsasabi ang Austriano na Schoprack:** “Ang sangkatau-han ay talagang magmamalaki sa pagkakaugnay sa taong gaya ni Muhammad yamang sa kabila ng kawalang kaalaman sa pagbasa at pagsulat ay nakaya niya noong nakalipas na mahigit sa sampung siglo na maghatid ng isang pagbabatas na tayong mga Europeano

ay lalong maging napakaligaya kapag umabot tayo sa tugatog niyon."

Ang papuri ay ukol kay Allah na sa pamamagitan ng mga biyaya niya ay nalulubos ang mga matuwid na gawa. Basbasan ni Allah, pangalagaan, at biyayaan ang Propeta nating si Muhammad, ang mag-anak niya, at ang mga Kasamahan niya.